Tomo XXXV Blg 4

Enero- Pebrero 2011

Matanglawin

Opisyal na Pahayagang Pangmag-aaral ng Pamantasang Ateneo de Manila



HINDI DIWA, PAG-ALALA: Pahayag ng Matanglawin sa Ika-25 Anibersaryo ng Unang Himagsikang EDSA

"Kung ang nais mo'y maging malaya sa mundong puno ng panunupil,
Buhayin sa sarili ang malayang paraan…"
— Joey Ayala, "Kung Kaya Mong Isipin"

Sa pagsapit ng ika-25 anibersaryo ng unang Lakas-Sambayanan (People Power) sa EDSA, tinawag tayo ng estado, pamahalaan, mga pinuno't nakatatanda na sariwain ang pagpapanauli ng mga institusyon ng demokrasya't kalayaan. Dinarakila natin ang pagtatapos ng dalawampung-taong panahon ng paniniil at pangangamkam ng mga naghaharing-uring nakapalibot sa diktadurya ng namayapang Pangulong Ferdinand E. Marcos. Ipinagbubunyi natin ang lakas ng ating mga kilusang panlipunan at civil society sa kanilang pagbabantay sa mga ipinagpapalagay na kalabisan ng pamahalaan at pagpapanatili sa mga kalayaang indibidwal at sibil. Sa mga umusbong na mga kilusang mapagpalaya sa daigdig pagkatapos ng 1986 (partikular na sa mga kasalukuyang himagsikan sa Aprika), ating itinanghal ang ating mga sarili bilang tagapanguna ng ganitong pagkilos tungo sa isang daigdig na malaya at demokratiko.

Ngunit may lakas ng loob at taas-noo nga ba natin itong masasabi pagkatapos ng dalawampu't limang taon? Hindi baga mismong ang mga galamay ng diktadurya'y nanumbalik sa ating mga institusyon at ipinahahayag ang kabiguan ng ating lakas-sambayanan? Hindi baga sa kabila ng isa pang sumunod na pag-aalsa noong 2001 na nagpatalsik sa tiwaling administrasyon ni Joseph Ejercito Estrada, dumanas naman ang ating bayan ng sosyo-ekonomiko at politikal na pagkaligalig sa ilalim ng rehimen ni Gloria Macapagal-Arroyo sa loob ng siyam na taon? Kaya naman sa nakaraang halalan nitong taong 2010, hinalal natin ang Pangulong Benigno Aquino III upang muling buhayin ang "diwa ng EDSA" sa pamamagitan ng pamamahalang makatuwiran at laban sa katiwalian. Ipinagmalaki natin ang ating ginawa bilang isang "EDSA sa pamamagitan ng halalan." Ngunit hindi baga ang mismong kilos ng himagsikan sa EDSA ay manipestasyon ng mga mamamayan na kalas sa mga pagtatakda at limitasyong ating kinagisnan? Hindi kaya sa ating pagbibigay ng samu't saring pagpapahalaga sa EDSA na lagpas sa kanyang pangunang layon, ating nililinlang ang ating mga sarili sa marapat na kilos na ating tunguhin bilang mga mamamayan at bansa? May nakaliligtaan tayo.

Marami pang salaysay at kuwento tungkol sa EDSA na hindi pa nabibigyang-linaw (o kaya'y tahasang itinatago). Napakarami pang suliraning sosyo-politikal, institusyonal at etikal na ating kinakaharap ang ating iniiwasan sa pamamagitan ng blangko't panis na retorika. Sa pananauli ng mga pare-parehong pangalan at angkang elitista sa ating mga hinahalal na posisyon, napapanatili ang mga institusyong para sa iilan na siyang sinikap buwagin ng mga kilusan sa pagbabago na nagtipon sa EDSA. Na iisa pa ring pananaw tungkol sa pagkamamamayan ang ating pinagpipilitan at hindi dinirinig ang ibang opinyon at ideolohiya ay nagsasabi sa atin na hindi pa rin tayo natututong mag-isip nang kritikal. Hindi pa rin tayo nakalalabas sa pupot na retorikang liberal lamang na siyang ugat ng kahinaan ng ating mga institusyon at pagkawalang-halaga ng konsepto ng pagkamamamayan sa ating henerasyon.

Naniwala tayong maaari na muling mangarap. Ngunit hindi nakakamit ang mga pangarap sa simpleng paghaharaya't pagguguni-guni.

Matanglawin

Opisyal na Pahayagang Pangmag-aaral ng Pamantasang Ateneo de Manila

Tresa Valenton, BS PSY '11
Punong Patnugot

Dylan Valerio, BS CS '11
Katuwang na Patnugot

Gerald Pascua, BS ACS '11
Nangangasiwang Patnugot

Robee Marie Ilagan, AB PoS '11
Patnugot ng Sulatin

Jeudi Garibay, AB IS '12
Patnugot ng Sining

Jake Dolosa, BFA ID '11
Patnugot ng Lapatan

Joanne Galang, BS MIS '11
Patnugot ng Web Teknikal

Patrick Manalo, AB PoS '11
Patnugot ng Web Sulatin

Frances Pabilane, AB EU '11
Tagapamahala ng Pandayan

Rico Esteban, BS CoE '12
Ingat-Yaman

Hansley Juliano, AB PoS '11
Pangkalahatang Kalihim

SULATIN AT SALIKSIKAN
Mga Katuwang na Patnugot:
Tricia Mallari, Alfie Peña, Elroy Rendor

Arnold Lau, Arvin Bautista, Kevin Marquez
Karla Placido, Rex Coz, Kevin Ross Nera
Miguel Rivera, Luigi Moreno,
Micha Aldea, Iman Tagudiña
Regine Rostata, Pao Hernandez,
Xavier Alvaran, Raph Limiac, Mike Orlino,
Kristine Pascual, Benjhoe Empedrado,
JC De Leon, Marvin Lagonera,
Jan Fredrick Cruz, Tiffany Sy, Kris Olanday

SINING
Katuwang na Patnugot:
Lalaine Lim

Bea Benedicto, Jam Chuah, Larz Diaz, Elya Vera, Therese Reyes, Justine Banedo, Trixia Wong, Michelle Garcia, Ramil Ramirez, Alyssa Nicole Anatalio, Carol Yu

LAPATAN
Geneve Guyano, Janine Motos,
Angela Muñoz, Eldridge Tan

WEB
Mark Louie Lugue, Faye Matuguinas, Jonathan Sescon, Fawn Yap,
Hanna Adrias, Robin Perez,
Ayeza Lamence, Fatima Nifas

PANDAYAN
Katuwang na Tagapamahala:
Samuel B. Nantes

Charmagne Capuno, Miguel Castriciones,
Mayo Floro

TAGAPAMAGITAN
Dr. Benjamin Tolosa,
Kagawaran ng Agham Politikal

LUPON NG MGA TAGAPAYO
Chay Florentino Hofileña,
Kagawaran ng Komunikasyon

Dr. Agustin Martin Rodriguez,
Kagawaran ng Pilosopiya

Gary Devilles,
Kagawaran ng Filipino

Mike Bernardo Parker,
Programa ng Sining

Mula sa patnugutan

SANDALI LANG

"Mahinhin". Iyan ang paglalarawan ng mga kritiko sa administrasyong Aquino ukol sa pamamalakad ng isa sa pinakapopular na pangulo mula sa mga nakaraang administrasyon. Tila walang maaabutan at walang tunay na pagbabago ang maidudulot ng administrasyong nadawit sa mga iskandalo ng mga pulis, Korte Suprema kasama pa ang mga maling pamamalakad at patuloy na pagmamayabang na report mula sa Kawanihan ng Rentas Internas (BIR) hanggang sa mga iskandalo ng pagpapahirap, paghohostage at pamamaslang. Ngunit sa mga lumipas na linggo, himala at kumilos ang administrasyong Aquino upang siguraduhin at idiin na tataas ang presyo ng pamasahe sa LRT at MRT habang tataas din ang presyo ng toll sa SLEX, NLEX at SCTEX..

Kung tutuusin, hindi naman dapat masyadong magulat ang madla sa aabuting bayad sa pamasahe sapagkat matagal na itong nakaplano at ipinapalabas sa medya. Bilang paliwanag, inihain nilang kailangan mangyari ang pagtaas upang hindi malugi ang kapos sa badyet na pamahalaan. Sa pagpapatupad ng pagtaas ng mga presyo habang nakabakasyon ang karamihan at hindi maka-imik, ipinakita ni Pangulong Aquino sa kauna-unahang beses na kaya rin niyang kumilos sa mga isyu ngunit sa mga usaping tiyak siyang mananalo. Sigurista kung baga. Nakaayon pa rin ang kataas-taasang opisina sa maliliit na hakbang tungo sa pagpapalaya ng iilang grupo ng tao. Samantala, ipinakita rin niya na habang nahihirapan ang libu-libong mga Pilipino sa binabahang Silangang Luzon, Visayas at Hilagang Mindanao, tila dagdag pasahe ang pokus ng kaniyang administrasyon at miminsan lang umalis ng Maynila upang kausapin ang mga mamamayan.

Ngayon, nasusubok ang galing ng administrasyon, at gayon din naman ang saligutgot na lumilitaw sa iba-ibang ahensiya. Isang halimbawa ang plea bargain agreement na nakabinbin sa ombudsman, na siya rin namang kaso ng impeachment. Gayundin ang mga sigalot na kamakailan isiniwalat patungkol sa militar. Mapanganib ito para sa tuwid na daan na ipinagmamalaki ni PNoy.

Mukhang matagal pa bago makita ang pangako ng pagbabago at mabubuting balita para sa masa. Ito ngayon ay bubgog sa katiwalian. Malakas na institusyon ang gobyerno, at hindi dapat ganito kabagal ang kamay nito. Kung mamulat lang ang administrasyon sa mapanganib na larong nilalaro nila, maaaring maisalba pa ang reputasyon ng ikalawang pangulong Aquino. Kung hindi tatayo si PNoy mula sa kaniyang highchair, babagsak na naman ang ating grado bilang isang bansa.



TANAWIN AT TUNGUHIN NG MATANGLAWIN

TANAWIN NG MATANGLAWIN

Mapanghamon ang ating panahon.

Kailangan ang mga matang nangangahas tumitig at magsuri sa paligid. Kailangan ang isang tanglaw ng katotohanan sa gitna ng dilim na laganap na pambubulag at pagbubulag-bulagan. Kailangan ang mga kuko ng lawing daragit sa mga dagang ngumangatngat sa yaman ng bansa at ahas na lumilingkis sa dangal at karapatan ng mga maralita. Kaya't ang Matanglawin ay bumabangon upang tumugon.

Tumutugon ang Matanglawin, una, bilang pahayagan ng malaya at mapagpalayang pagpapalitan ng kuro-kuro tungkol sa mahahalagang usaping pampaaralan at panlipunan; at ikalawa, bilang isang kapatiran ng mga mag-aaral na may malalim na pananagutan sa Diyos at sa Kanyang bayan.

Ang Matanglawin ay hindi nagsisimula sa wala. Saksi ito sa nakatanim nang binhi ng pagtataya at pagkilos ng ilang Atenista. Subalit hindi rin ito nagtatapos sa simula. Hangad nitong diligin at payabungin ang dati nang supling, at maghasik pa ng gayong diwa sa higit na maraming mag-aaral. Hangad din nitong ikalat ang gayong diwa sa iba pang mga manghahasik ng diwa at sa iba pang mga pamayanang kinasasangkutan ng mga Atenistang kumikilos palabas ng kampus.

TUNGUHIN NG MATANGLAWIN

Sa adhikaing ito, isinasabalikat ng Matanglawin ang mga sumusunod na sandigang simulain:

1. MAGING matapat at matapang sa paghahanap at paglalahad ng katotohanan - katotohanan lalo na ng mga walang tinig.

2. BIGYANG-DAAN ang malaya, mapanuri, at malikhaing pagtatalakayan - kabilang na ang kritisismo - ng mga mag-aaral hinggil sa mga usaping pangkampus at panlipunan.

3. HUBUGIN ang mga kasapi sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa mga tao lalo na sa mga anakpawis, pandayin sila sa masinop na pananaliksik at pagpapahayag, at hasain sa malalim na pagninilay upang maging mabisang tagapagpairal ng pagbabago ng mga di-makatarungang balangkas ng lipunan.

4. TUMAYO bilang isang aktibong kinatawan ng Pamantasan para sa ibang paaralan at sektor ng lipunan.

5. ITAGUYOD ang diwa at damdaming makabansa lalo na sa pagpapalaganap at pagpapayaman ng sariling wika.

6. PAIGTINGIN ang kamalayang pampolitika sa Ateneo sa paraang mapayapa subalit mapaghamon, may kiling sa mga dukha bagaman walang isang ideolohiyang ibinabandila.

7. IBATAY ang lahat ng gawain sa papasulong na pananaw ng pananampalatayang Kristiyano na sumasamba sa Diyos na gumagalaw sa kasaysayan, kumakampi sa katotohanan, at may pag-ibig na napapatupad ng katarungan.

TUNGKOL SA PABALAT



kuha ni Ramil Ramirez

Naging isang makasaysayang pook ang paliparan para sa maraming mga Filipino. Ito ang lunan ng mga may kargang maleta, mga makikipagsapalaran sa lupain ng mga banyagang amo. Sa mga sahig nito tumutulo ang luha sa pamamaalam.Sa mahahabang pila nito mapapaisip ang marami sa kahihinatnan nila sa ibang lupain. Sa pag-ahon naman ng araw, dito makikita ang mga nangagtatakbong makabalik sa piling ng kani-kanilang pamilya.

Ano na ba ang mga natanaw ng sambayanang Filipino sa sitwasyon ng mga kapita-pitagang mga OFW? Panahon pa ni Marcos ang ganitong pamamalakad, ilang administrasyon na ang lumipas, ilang anak na ang isinilang, makailang krisis na ang dinatnan, kailangang tanungin: May nagbago na ba?

Pagwawasto:

Sa isyu ng Matanglawin para sa mga buwan ng Hulyo at Agosto ng taong ito (Tomo XXXV, Bilang 2), nagkamali ang patnugutan sa pangalan ng dibuhista sa pahina 20 artikulong Eksodo ng mga Maralitang Lungsod. Nakasaad doon na si Nikka Anatalio ang gumawa ng sining. Si Lalaine Lim ang tunay na gumawa.

Nakaligtaan rin ng pamunuan na bigyang-parangal si Jeudi Garibay na siyang gumawa ng pabalat sa parehong isyu (Tomo XXXV, Bilang 2). Humihingi tuloy ng pagpapaumanhin ang pamunuan sa anumang aberyang naidulot nito.

Pagmamay-ari ng mga lumikha ang lahat ng nilalaman ng pahayagang ito. Pinahihintulutan ang lahat ng pagsipi sa mga nilalaman basta hindi nito sinasaklaw ang buong akda at may karampatang pagkilala sa mga lumikha.

Bukas ang Matanglawin sa lahat (Atenista man o hindi) sa pakikipag-ugnayan: pagbibigay o pagsasaliksik ng impormasyon, pagtatalakay ng mga isyu, o pagpapaalam ng mga puna at mungkahi ukol sa aming pahayagan.

Sa lahat ng interesado, mangyari lamang na tumawag sa (632) 426-6001 lokal 5449, magpadala ng text message sa (63927) 348-2233, o sumulat sa pamunuan ng Matanglawin, Silid-Publikasyon (MVP 201 – 202), Pamantasang Ateneo de Manila, Loyola Heights, Lungsod Quezon 1108.

Maaari ring bumisita sa www.matanglawin.org o magpadala ng e-mail sa pamunuan@matanglawin.org.

Kasapi ang Matanglawin ng Kalipunan ng mga Publikasyon (COP) ng Pamantasang Ateneo de Manila at ng Kalipunan ng Pahayagang Pangkolehiyo sa Filipinas (CEGP).

NILALAMAN

8 **TAMPOK NA ISTORYA**
Mga Bagong Binigong Bayani

14 **PITIK PUTAK**
Iniwan ng katinuan, tinalikuran ng lipunan: Dalawin ang NCMH

18 *Sa Hatol ng Yeso: Dinggin ang hinaing ng ating mga public school teachers*

20 *Kumusta Kamusmusan: Pakinggan ang kanilang kuwento*

24 **TALIM NG BALINTATAW**
Kung Isasadya

26 **DUGONG BUGHAW**
Kasarinlan

SIGAW NG BAYAN
28 *Pinunlang Sigalot: Pagtanaw sa lagay ng repormang agraryo*

29 **KILATISTA**
Flip Top: Modernong Panitikan o Dilang Lansangan?

32 *Pag-asa sa Tiyansa, Pananamantala ng Kumpanya?*

36 **ESKINITA**
Maliit Ngunit Siksik: Isang Pagbisita sa mga Tindero't Tindera ng UP

39 **BAGWIS**
Gutom
Sa Kaniyang Kambas
Pagpupunit

OPINYON

LIGALIG NG LAYLAYAN



TRESA VALENTON
tvalenton@matanglawin.org

MAGANDA AT MASAMANG BALITA

Dahil may iba't ibang mukha ang balitang Atenista.

Naaalala mo pa ba iyong isang bahagi na pinamagatang "Boo! Yeah!" ng pananghaliang palabas na "'Sang Linggo nAPO Sila"? Palitan iyon ng mga magaganda at hindi kagandahang balita. Magiging ganoon ang tema ng pahinang ito. Subalit sa halip na "Boo!" gagawin kong "Naku po!" habang "Pwede!" ang aking ipapalit sa "Yeah!"

Naganap ang unang tatlong tagpo sa "Magtanong sa mga VP at Dekano". Ayon kay Dr. John Paul Vergara, Pangalawang Pangulo ng mga Paaralang Loyola, magkakaroon ng limang porsiyentong pagtaas sa matrikula sa susunod na taon. Nito umanong nakaraang taon na nagkaroon lamang ng apat na porsyentong umento, lubhang naging mahirap ang alokasyon ng badyet. Kaya bilang pagsunod sa limitasyong limang porsiyentong maaaring iangat ng mga bayarin, susundin ito ng ating institusyon. "Naku po!"

Sa kabila nito, titiyakin umano ng mga namamahala na may paglalagyan ang mga bawat sentimong ibinabayad ng mga mag-aaral. Kumbaga, may bagong pagtutuos ng napakahabang listahan ng "student fees", gaya ng bayad para sa practicum, Integrated Non-Academic Foundation program gaya ng National Service Training Program (NSTP), edukasyong pampalakas (PE), pagmementena, at kung anu-anopa! Kahit umano iyong mga karagdagang singil sa mga pasilidad na hindi naman nagagamit sa klase (hal., speech lab), bibigyang-linaw rin. "Pwede!"

***

Angal ng mga mag-aaral sa Ateneo Integrated Student Information System (AISIS), nagugulo umano ang kanilang iskedyul dahil nauubusan sila ng slot tuwing rehistrasyon. "Naku po!"

Kaya pala ganoon na lamang ang kanilang pagkundena, na para bagang ikamamatay nila, sapagkat hindi na sila maaaring makakuha ng hindi bababa sa B+ nang patamad-tamad lamang. Dahil ang propesor na mataas magbigay ng marka, unang bugso pa lamang, ubos na. "Pwede!"

***

Sa pagtatapos ng talakayan sa pagitan ng mga administrador ng mga Paaralang Loyola at ng mga mag-aaral, tila hindi naisabuhay ang mga tatak-Atenistang "Professionals for Others" at "Magis" sapagkat hindi nabigyang-boses ang mga marhinalisado ng pamantasan gaya ng mga kontraktwal na personel. "Naku po!"

Magkagayonman, ipinakita nito ang pagiging masunurin ng Atenista sa pagpapareserba ng mga pasilidad, sapagkat winakasan ang pulong eksaktong ikaanim ng gabi, kahit marami pa ang nais magtanong. Tagumpay ang Office of Administrative Services (OAS). "Pwede!"

***

Kasalukuyang may inisyatiba sa pagbuo ng tatawaging Ateneo Task Force (ATF), isang permanenteng lupon ng mga kinatawan ng iba't ibang organisasyon sakaling kailanganin ng Ateneo ng agarang mobilisasyon at/o pagtugon sa mga isyu, kahit (1) batid nilang magkakaroon ng iba't ibang tindig ang bawat organisasyon lalahok rito, at (2) nasa kasagsagan ng pagpapalit ng pamunuan ang marami sa mga organisasyon. "Naku po!"

Sa kabilang banda, hindi nga ba't nangangamoy eleksyon na? "Pwede!"

***

Marami sa mga mag-aaral na inaasahang magtatapos sa Marso ang problemado dahil sa pagkarami-raming kahingian sa iba't ibang klase. Thesis, report, papel, pagsasagawa ng mga eksperimento sa laboratoryo, huling pabigkas/pasulat na pagsusulit, bonus na gawain—lahat ng maaaring ilagay sa listahan ng takdang-aralin. Nariyan pa ang nag-aalalang baka hindi sila makahanap ng trabaho at iyong mga may iiwang responsibilidad sa kani-kanilang organisasyon. "Naku po!"

Subalit mayroon din naman ilan na problemado kung paano sila mananalo sa Blue Roast bilang bida ng buong pangkat ng magsisipagtapos sa 2011. "Pwede!"

***

Marami ang magbibigay ng negatibong reaksyon sa pahinang ito, iyon ay sigurado. "Naku po!"

Ang magandang balita, ilang buwan na lamang, mamamaalam na ang mukhang ito sa inyo. "Pwede!"

OPINYON

BANAT NG BUBUYOG



ROBEE MARIE ILAGAN
rilagan@matanglawin.org

Kasing politikal ng pagkilos ang hindi pagkilos; kasing politikal ng pakikiaalam ang apatiya.

PAGBUWAG SA MALING AKALA

Mayroong iba't ibang interpretasyon at pag-unawa ang isang Atenista tungkol sa kalakaran ng politika lalu't higit pagdating sa partisipasyong hinihingi sa ganitong disiplina. Nariyan ang mga taong nagsasabing mula sa mga inaral na libro, ang politikang patungkol sa relasyon at kapangyarihan ng estado at ng lipunan. Mayroong ibang nagsasabing ang administratibong trabaho at representasyon sa mga nasasakupan ang politikang kailangan. Marami rin ang nagpapalagay na bukod sa walang kwenta ang politika, isang bagay itong kadugtong ng kultura ng Filipino na nabahiran na ng baho at dungis ng kalakaran ng mga elitista. Sa loob nang salasalabid na pagkakaiba ng pananaw sa politika, may isang malakas na pulso at katangian ang politikang nakakabit sa isang Atenista, ang apatiya.

Mabibilang sa daliri ang mga organisasyong mayroong mariing adbokasiya sa politikal ng pagkilos sa loob ng pamantasan gayundin ang mga programang inihahain sa mga mag-aaral patungkol dito. Bunsod nito nailalarawan bilang mahina ang politika sa loob ng Ateneo at nababansagang apatetiko ang Atenista. Naging personal na opinyon ko ang pagkabahala at pagkadismaya sa ganitong kultura ng Ateneo, lalu't higit kung kritikal mong babasahin ang nagaganap na pagkilos ng institusyon. Hindi man nilalahat subalit, malaki at malakas ang apatetikong kultura.

Sa kultura ng hindi pakikialam, lumabas ang pagtanaw sa isang maling akala hinggil sa politika. Bagay na hindi ko rin agad nakita. Magkakaiba ang paraan upang magbigay ng reaksyon sa isang isyu at ang hindi pagpansin dito o ang pagiging apatetiko ay isang paraan. Kasing politikal ng pagkilos ang hindi pagkilos; kasing politikal ng pakikiaalam ang apatiya. Pinili ng kulturang Atenista ang pagiging apatetiko at ang mismong reaksyong ito ang nagbibigay katuturan sa pangalang Ateneo. Isang malaking hamon ang patuloy na pagkilos at pagiging kritikal sa mga isyu subalit hamon ding maituturing ang pagiging responsable sa bawat nating pagkilos; at sa pagiging mulat sa pagpili ng mga bagay na pagtutuunan ng hindi pagkilos.

Tahimik na reaksyon ang nagmula sa Atenista sa pagsabog ng bus sa Makati nito lamang buwan ng Enero dahil kakaunti kung mayroon mang gumagamit ng bus sa mga Atenista. Subalit naging malakas ang reaksyon sa pagtaas ng bayad sa toll sapagkat maraming Atenista ang may kotse at apektado ng pagtaas. Wala kang maririnig na malakas na reklamo hinggil sa napipintong pagbabawas ng badyet ng pamahaalan sa edukasyon dahil sa totoo lang, mahina din namang reaksyon ang Atenista kahit taun-taong nagtataas ang matrikula sa unidersidad. Bukod pa rito, hindi naman direktang apektado ang pribadong pamantasan sa usapin ng kaperahang maibabawas sa badyet ng bansa. Naging mas apektado ang Atenista pagdating sa pagpapaayos ng parking lot at ang pagkakaroon ng maayos na banyo. Mayroon magkakaibang reaksyon subalit hindi ibig sabihin mali ang hindi pagbibigay nito. Pinaninindigan lamang ng Atenista ang apatiyang, tingin ng iba walang kinalaman sa politika.

Maling akala ang pagkakahon sa Atenista pagdating sa kultura ng apatiya sabi nga nila, "kaniya-kaniyang trip yan." Hindi maaaring ipilit ang politikal na pagkilos sa isang insitusyong hinubog ng tiyak na espasyo sa lipunan at ng elitistang disposisyon. Kung walang pakialam ang Atenista, mayroong itong pinanggagalingan palaging mayroong dahilan. Tindig ng isang Atenista ang hindi pakikialam, tindig na politikal. Kung bagay itong masama para sa pangalang Atenista, hindi ito hawak ng institusyon; bagay din itong hindi dapat bigyang pansin kung buo naman ang paninindigang sa hindi pagkilos. Maling akala ang patuloy na sabihing sa kawalan ng pakiaalam walang politika sa Ateneo sapagkat sa totoo malakas ang politika sa hindi pagkilos at kawalan ng sasabihin.

Hindi ito paraan upang bigyang papuri ang kawalang pagkilos. Lalong hindi ito paraan upang ipangtanggol ang kultura, nais ko lamang ibahagi ang pagbasag sa maling akala hinggil sa apatiya. Hindi pa rin matutumbasan ng hindi pagkilos ang pagkilos, higit pa ring mahalaga ang ikalawa. Ang tanging puntong nais ko lamang iwan, mayroong pakialam ang Ateneo bagay na ipinapakita sa kakaibang paraan, subalit paraang nakikilahok pa rin sa espasyo ng politika.

*Isang pasasalamat kay Ma'am Vene Rallonza sa pagbabahagi sa tunay na katuturan ng apatiya sa lunan ng politika.

OPINYON

DIWA AT TABAK



RICO ESTEBAN
resteban@matanglawin.org

BILANGGO SA LOOB AT LABAS

Magagawa ba natin silang bigyan ng pangalawang pagkakataon? May tatanggap ba sa kanila gayong maging kanilang pamilya ay wala nang tiwala sa kanila?

Iba't ibang uri ng kahirapan ang matutunghayan ng mga Filipino sa kanilang lipunan. Ang pinakalaganap at pinakalitaw sa lahat ang kahirapang pang-ekonomiko kung saa'y wala siyang kakayahang makabili ng sapat na pang-araw-araw na pangangailangan. Mayroon ding kahirapang nakabatay sa grupong kanyang kinapapalooban na madalas ay naisasantabi ng nakararami – halimbawa na lamang ay iyong mga nabibilang sa marhinalisadong sektor ng lipunan gaya ng kababaihan, magsasaka, indigenous people. Ang ikatlong uri, at ang pinakapokus ng artikulong ito ay iyong kahirapang sikolohikal na kaakibat dito ang usapin ng pagtingin ng mga tao sa paligid at ng mismong mahirap.

Sa ilang araw kong pagbabad sa Children In Conflict with the Law Section ng New Bilibid Prison, aking natunghayan ang mga bilanggong kabataang halimbawa ng mga dumaranas ng sikolohikal na kahirapan. Ako mismo, sa unang sandali ng aking pakikisalamuha sa kanila, hindi ko itatanging naging kinatawan ako ng mapanghusgang lipunan. Hindi ba't sa tuwing nababanggit ang salitang Bilibid, ang mga salitang unang pumapasok sa ating mga utak ay 'masasama', 'walang kinatatakutan', 'siga' o 'di naman kaya'y 'barumbado'? Nasa sa akin din, sa mga sandaling iyon, ang estigmang may paunang hatol ukol sa mga taong nasa loob ng Bilibid.

Ang ganitong uri ng pag-iisip ang pinangangambahan ng marami sa kanila. Naranasan na nilang kalimutan, kamuhian at itakwil pati na ng sarili nilang mga pamilya. Istorya ng pangungulila at paglimot ang kadalasang ibinabahagi nila. Ang ilan sa kanila ay mayroon nang pamilya. Ngunit dahil sa kanilang pagkakakulong, inabandona na sila kaya't taon na ang bibilangin mula nang huli silang magkita. Mayroon din sa kanilang mula sa mayamang angkan. Ngunit dahil sa labas-masok siya sa bilangguan, tila sinukuan na siya ng kanyang mga magulang. Dahil dito, marami sa kanila ay maituturing nang nag-iisa sa buhay – walang bisitang inaabangan.

Hindi ko matanto kung paano nila hinaharap ang araw-araw gayong patuloy silang binabagabag ng ideya ng kanilang kinabukasan – kung maipagpapatuloy pa nila ang naudlot nilang pangarap, kung sa paglabas nila ay may trabahong matatanggap para maipagpatuloy ang buhay, kung may babalikan pa silang pamilya sa labas ng Bilibid. Sa kanilang kalagayan, hindi na nakapagtataka kung ang ilan sa kanila ay bumibigay at nagpapakamatay. Paano mo ipagpapatuloy ang isang buhay na walang kasiguruhan - walang pinanghahawakan at walang panghahawakan? Mahirap maging mahirap lalo pa't kung ang kalaban mo ay ang identidad na bunga ng iyong nakaraan.

Magagawa ba natin silang bigyan ng pangalawang pagkakataon? May tatanggap ba sa kanila gayong maging ang kanilang pamilya ay wala nang tiwala sa kanila? Bibigyan mo ba sila ng matinong trabaho sakaling mag-aplay sila sa iyong kumpanya? Malamang, ang marami sa atin ay mag-aalangan. Hindi ko masisisi ang mga ganoong sagot dahil kahit ako mismo, ganoon din ang aking pag-iisip bago bumisita sa Bilibid. Pero ang sa akin lamang, sana ay kilatisin muna natin ang ating mga presuposisyon dahil pinapatay natin ang mga bilanggo sa sikolohikal na pamamaraan gayong marami sa kanila ang nagnanais na magbago.

Batid ko na hindi madali ang ganitong suhestiyon lalo kung isasarado natin ang ating mga isip sa pagbabago at patuloy na panghahawakan ang mga maling akala. Pero sana lamang ay subukan munang makisalamuha sa kanila, bago sila husgahan dahil tao pa rin sila na may isip na hindi nadidiktahan ng madilim na kahapon. Ang sa akin lamang, higit na magiging mapagpalaya ang ating lipunan kung higit nating palalawakin ang ating pag-iisip at pang-unawa lalo pa sa mga taong mahihirap dahil ito ang pinakamainam nating maitutulong sa kanila.













TUPANG INA

ang underwater special



AKO'Y NARIRITO, NAGBABANAT ng buto. Sa mainit na siyudad sa bansa ng Arabyano. Anong hirap talaga ang kumita ng pera. Kakapal ang iyong kamay masusunog pa ang kulay. Sa aking pagtulog, ang laging iniisip, bumilis na ang araw upang ako'y makabalik..."

Naririnig na lang ito ngayon tuwing Linggo sa mga estasyon ng radyo na nagpapatugtog ng mga lumang awitin. Pinasikat ang kantang ito—Napakasakit, Kuya Eddie—ni Roel Cortez noong 1984. Ginawan naman ito ng Pambansang Alagad ng Sining na si Lino Brocka ng pelikula sa parehong pamagat noong 1986.

Halos dalawang dekada na ang nakalipas nang dumaing ang kantang ito ng mga hirap na dinaranas ng mga Filipinong nagtatrabaho sa ibang bansa. Ilan lamang ang pagkasira ng pamilya at paglayo ng mga taong minamahal sa mga pagdurusang babatahin ng isang OFW, bukod pa sa hirap ng trabaho. Ngayon, tinatawag silang mga 'bagong bayani'—silang mga kumakayod sa banyagang lugar at dumaraing sa kanilang mga sarili na 'napakasakit.'

ANG EKSODO

Sinasabing isang unibersal na penomeno ang migrasyon. Noon pa mang prehistorikong panahon, nangibang-lugar na ang mga ninuno ng kasalukuyang mga Filipino sa iba't ibang kadahilanan. Umigting pa ito nang magbukas ang Filipinas noong panahong kolonyal bilang dugtungan ng pandaigdigang kalakalan ng Silangan at Kanluran sa Kalakalang Galeon.

Ayon kay G. Garry Martinez, kasalukuyang tagapangulo ng Migrante International, isang grupong tumutulong sa mga Overseas Filipino Worker (OFW), nagsimula ang malawakan at sistematikong pagluluwas ng mga trabahador noong panahon ni Pang. Ferdinand Marcos. Si dating Senador Blas F. Ople na kalihim (kalauna'y ministro) ng paggawa sa loob ng 19 na taon ang siyang nanguna sa pag-enmienda ng Kodigo ng Paggawa



Tampok na Istorya

MGA BAGONG BINIGONG BAYANI

nina Joanne Galang, Robert Alfie Peña, Xavier Roel Alvaran
sining ni Ramil Ramirez
lapat ni Jake Dolosa

noong 1974 na nagpakilala ng Labor Export Program (LEP) ng gobyerno. Binuo rin noong mga panahong iyon ang Philippine Overseas Employment Administration (POEA), ang pangunahing ahensiyang nagreregula sa pag-alis ng mga Filipinong manggagawa. Noon namang 2004, dalawang buwan pagkamatay ni Ople, ipinangalan sa kaniya ang gusali ng POEA. Si Ople ang kinikilalang 'ama' ng LEP.

Kaugnay nito, tinukoy ni Maruja M.B. Asis, Ph.D., direktor ng saliksik at publikasyon ng Scalabrini Migration Center, ang krisis sa langis bilang isa sa mga pangunahing pangyayaring naging dahilan ng pagdagsa ng mga Filipinong trabahador sa ibang bansa noong dekada '70. Ang Scalabrini Migration Center ay isang institusyong gumagawa ng mga interdisiplinaryong pag-aaral ukol sa migrasyon at pag-unlad ng mga bansa sa Asya-Pasipiko.

Nangailangan ang Saudi Arabia at iba pang bansa sa Gitnang Silangan ng maraming empleado dahil na rin sa umuunlad noong industriya ng langis sa bahaging iyon ng mundo. Bagaman malaki ang salapi ng mga bansang Arabo, naging isyu sa kanila kung saan kukuha ng mga trabahador. Nagkaroon naman ng kakulangan sa trabaho noong panahon ng diktadurang Marcos at patuloy rin ang pagbaba ng halaga ng piso, kaya sinubukan ng marami ang makipagsapalaran sa ibang bansa. Dagdag pa ni Martinez, naging malawakan ang mga kilos-protesta na humihingi ng maayos na pasahod noong panahon ng Batas Militar. Walang mga industriya na makapagbibigay ng trabaho sa mga tao kaya naman nakita itong paraan ng gobyerno upang paluwagin ang tensiyong namamayani sa lipunan dala ng lagay ng ekonomiya. Magpapasok pa ito ng pera sa bansa na makapagsisilbing kapital at puhunan na magagamit ng gobyerno.

Sa pagsusuri ni Asis, hindi naman inasahan ng pamahalaan na magpapatuloy ang LEP sapagkat may pagnanais din naman ang gobyerno na paunlarin ang bansa. Sa aspektong kultural, nagkaroon din ng takot ang mga pinupuntahang bansa na tuluyang magbago ang kanilang lipunan sa pagdagsa ng mga Filipinong manggagawa. Ngunit sa pag-unlad at kabi-kabilang pagkakatatag ng mga establisimyento sa ibayong dagat bunsod ng lumalago nilang ekonomiya, lalo lamang silang nangailangan ng mas marami pang trabahador.

Dahil hindi pa rin natutugunan ng pamahalaan ang suliranin sa kakulangan ng trabaho, nagpapatuloy magpahanggang ngayon ang eksodo ng mga Filipino upang manilbihan sa ibang bansa. Sa kasalukuyan, tinataya na nasa walo hanggang 11 milyon ang bilang ng mga OFW. Halos 11% ito ng kasalukuyang kabuuang populasyon ng Filipinas.

DIS/BENTAHA

Naganap noong 2008 ang pandaigdigang krisis sa pananalapi na nagpalugmok sa malalaking ekonomiya ng mundo. Hindi ito masyadong nakaapekto sa ekonomiya ng Filipinas. Isa ito sa mga ipinagmalaki ng POEA sa kanilang taunang ulat noong 2009: Dahil sa bilyon-bilyong dolyar na ipinadadala ng mga OFW kaya nagpatuloy ang pag-angat ng ekonomiya ng bansa na tila hindi alintana ang resesyon sa ibang panig ng mundo. At kung titingnan, araw-araw, marami pang mga Filipino ang umaalis. Kaya naman, itinuturing ngayon na mga 'bagong bayani' ang mga OFW—bayani para sa kanilang mga naiwang pamilya at maging para sa bansa.

3,897 Filipino ang umaalis ng bansa araw-araw, ayon sa tala ng POEA noong 2009. Kanilang pupuntahan ang isa sa 190 bansa upang subukin ang kanilang kapalaran doon. Katulad pa rin ng dati, ang Gitnang Silangan ang pinakapopular na destinasyon, sumunod ang mga bansa sa Asya. Pinakamarami ngayon sa mga umaalis ang pumapasok bilang kasambahay, nars, at waiter.

Sa dami ng mga OFW, umabot sa $17 bilyon ang ipinadalang pera dito sa

Filipinas noong nakaraang taon, ayon sa pinakahuling tala ng Bangko Sentral. Tinatayang 9.5% ito ng Gross Domestic Product (GDP) ng bansa. Pinakamalaking padala ang mula sa Amerika na higit $9 bilyon at sumunod ang sa Europa na higit $3 bilyon.

Sa pagtingin ni Martinez sa takbo ng mga pangyayari, "Ang migrasyon sa Philippine context ay isang industriya." Nagkaroon na ng mga paaralang ang pangunahing pakay ay ang pagsasanay ng kanilang mga estudyante upang ipadala sa ibang bansa. Mas marami pang mga paaralang nagbukas ng mga programa para sa mga nars, caregiver, at nursing aide na malayo sa mga tradisyonal na kursong inaalok ng mga paaralang ito. Mismong ang gobyerno, sa pamamagitan ng CHED, DepEd, at TESDA ang nag-aakredit sa mga ito. Ayon nga kay Martinez, "Parang kabuting nagsulputan ang mga caregiving schools na kanilang in-accredited."

P20,000 ang kinakailangan ng isang OFW upang maihanda niya ang lahat ng kinakailangan na rekimyento upang makapangibang-bansa. Para kay Martinez, naging puhunan na ng gobyerno ang pasaporte, birth certificate, NBI at police clearance. Kaya naman sa isang taon, tinatayang nasa P30 bilyon ang kinikita ng gobyerno mula sa pagpoproseso ng mga papeles ng mga OFW. Malaking pera ito para sa isang gobyernong walang puhunan at industriya. Ngunit para kay Martinez, nasasayang ang lahat ng ito dahil hindi naman nagtatayo ang pamahalaan ng mga industriyang pipigil sana sa patuloy na pag-alis ng mga Filipino.

HIDHID

Isang ahensiya ng gobyerno ang Overseas Workers Welfare Administration (OWWA) na inatasang pangalagaan at protektahan ang kagalingan ng mga OFW. Nagsimula ito noon pang panahon ni Marcos, ngunit pormal na naging OWWA noong panahon ni Pang. Corazon Aquino. Kailangan magbigay ng $25 (o ng katumbas nito sa piso) ng mga OFW sa OWWA bilang kanilang kontribusyon. Sa kabuuan, mayroon nang P11.7 bilyon ang OWWA sa pondo nito, ayon kay Martinez. Para sa benepisyo at seguro ng mga OFW ang nasabing pondo.

"KUNG POBRE 'YONG OFW, ALAM MO SASABIHIN KO SA SARILI KO, 'PAPASADIYOS KO NA LANG, BAKA SUWERTIHIN AKO SA SUSUNOD NA ABROAD KO."

— GARRY MARTINEZ, TAGAPANGULO, MIGRANTE INTERNATIONAL

Sinasabing inilalagay ang pondo bilang puhunan upang mapalago pa ito. Ngunit para kay Martinez, kailangan pa ring maging malinaw kung saan talaga napupunta ang pondo ng OWWA: "Kung nalulugi ang investment, sino ang dapat managot? At kung tumutubo, magkano ang tinutubo at mapapakinabangan ba namin?"

Maraming alegasyon ng katiwalian sa pondo ng OWWA. Sinasabing inilipat noong panahon ng dating pangulo ng PhilHealth at ngayo'y tagapangulo ng Komisyon sa Serbisyong Sibil na si Dr. Francisco Duque III ang P530 milyon mula sa pondo ng OWWA patungong PhilHealth. Nagamit umano ang pondo sa katiwalian. Ayon nga kay Martinez, "... alam naman nating noong 2004, nagamit ang pondo ng OWWA sa kampanya ni Gng. Arroyo." Dahil umano rito kaya naging kalihim ng kalusugan si Duque noong panahon ni Arroyo.

Marami pang hinaing ang ma OFW sa mga patakaran ng OWWA. Nakasaad sa Omnibus Policies ng huli na tanging mga OFW na may kontrata ang maaaring maging miyembro ng OWWA. Ibig sabihin nito, hindi makapagbibigay ng pinansiyal na tulong ang OWWA sa mga Filipinong umuwi ng bansa dahil tapos na ang kontrata, kahit pa dekada pa ang inabot niya sa pagtatrabaho sa ibang bansa at kailangang-kailangan niya ang benepisyong dapat sana'y sa kaniya.

Isa pang problema na nakikita ni Martinez ang pagkakaroon ng mga mapang-abusong amo at walang magawa ang mga OFW kundi ang tumakas. Nagreresulta ito sa paglabag sa kontrata (sa panig ng OFW) at dahil dito'y hindi makatatanggap ng benepisyo ang mga naagrabyadong OFW. " [Kung] tumakas ka, hindi ka na namin member. So wala ka pa ring maa-avail. Kumbaga, money-making 'to. Gatasang-baka talaga 'to," ayon pa kay Martinez.

Dahil sa pagkabuo ng isang industriyang umiikot sa pagpapadala ng mga trabahador sa ibang bansa kaya nabuo ang mga recruitment agencies na magpapadali sana ng mga proseso. Ngunit imbes na makatulong sa mga OFW, kadalasang itong mga recruitment agencies pa mismo ang nagsasamantala sa kanila. Ipinagmalaki ng POEA sa kanilang ulat noong 2009 ang pagkakadakip ng 74 na ilegal na recruiter at pagkakasara ng 6 na recruitment agencies. Ngunit para kay Martinez, "May ginagawa ba ang gobyerno dito, sa usapin ng illegal recuitment? Nakikita namin, wala." Dagdag pa niya, "Kahit ang mga legal at accredited ng POEA [recruitment agencies] ay gumagawa ng kawalang hiyaan sa mga OFWs."

Mismong sa POEA nagkakaroon ng mga pagdinig upang ipagkaayos ang mga OFW at kanilang mga recruitment agencies. Sinasabing kapag may naagrabyado na OFW, mismong ang conciliator ng POEA ang magsasabing 'Tanggapin mo na 'yong P10,000.' At lalong lumiliit ang alok habang patuloy na inilalaban ng OFW ang kaso niya. Kapag umakyat naman sa National Labor Relations Commission ang kaso ay inaabot ito ng isa hanggang pitong taon. Ayon pa kay Martinez, "Kung pobre 'yong OFW, alam mo sasabihin ko sa sarili ko, 'papasadiyos ko na lang, baka suwertihin ako sa susunod na abroad ko.'" May pagkakataon namang sa tulong ng Migrante, nagawa ng OFW na pataasin ang alok sa P75,000 sa pamamagitan ng pagpilit sa recruitment agency.

EMIGRASYON NG (PAGKA)TAO

Isa si Ed Marallag, dating OFW sa Iraq at Saudi Arabia sa ilang maituturing na mapalad na nakipagsapalaran sa ibang bansa na hindi nakaranas ng pagmamalupit o kawalang hustisya. Nagtrabaho siya bilang inhenyero sa isang Pranses at isang Suweko (Swedish) na kompanya. Sa parehong pakikipagsapalaran na ito, itinuturing niyang mabunga ang kaniyang pagsusumikap sapagkat nakapagdulot ito ng maraming positibong epekto sa kaniyang personal na buhay.

Aniya, naging malinis ang proseso mula sa kaniyang pagpapasa ng aplikasyon, pagdaan sa mga interbyu at pagproseso ng rekisito nang matanggap. Sinagot din ng kompanyang kumuha sa kanila ang pagpapasuri nila sa doktor at pamasahe papuntang Saudi at Iraq. Sa usapin ng pananalapi, nagdulot ng higit na katatagan at kapasidad ang pangingibang-bansa para sa kaniya dahilan upang makapagpundar siya ng bahay, lupain at/o sasakyan sa Filipinas o maisama na ang buong pamilya nila sa kaniyang pangingibang-bansa. Sa pamamagitan ng programang PAG-IBIG para sa OFW na inilunsad ng pamahalaan, nakapagpatayo siya ng permanenteng tirahan para sa kaniyang pamilya dito sa Filipinas.

Bukod dito, naging mabuti rin ang pagtrato ng kaniyang mga amo. Hindi naging batayan ang posisyon upang mairespeto. "Hindi nila inaalintana kung engineer ka man o ordinaryong manggagawa. Trabaho kung trabaho," aniya. Marami rin siyang



natutunang mahuhusay na pamamaraan ng pagtatrabaho sa mga dayuhang ito, na kaniya namang tinularan upang higit na mapagbuti ang kaniyang pagganap sa kaniyang tungkulin.

Hindi rin siya nakaranas ng pang-aabuso sa pasahod. Naibibigay ito nang husto sa tamang panahon. Hindi rin sila sapilitang pinagtatrabaho nang labis sa napagusapang oras. Husto lamang din ang bigat ng kaniyang trabaho at naaayon sa napagkasunduan, bagay na lubos niyang ipinagpapasalamat.

Naging mahirap din para sa kaniya na malayo sa pamilya niyang nagsisimula pa lamang mabuo noong mga panahon ng kaniyang pagtatrabaho. Ang kaniyang pamilya ang naging pangunahing batayan ng kaniyang desisyon ng di na pagbabalik muli sa kabila ng mabuting karanasan niya sa mga naging amo. Aniya, "Walang tagumpay sa labas ng bahay ang makatutumbas kung naging bigo ka sa pamilya mo. Hindi nabibili ng suweldo mo sa abroad 'yong kung anak mo ay magloloko, balewala 'yon." Handa lamang rin siyang mangibang-bansa muli kung maisasama niya ang buong pamilya niya sa bansa kung saan siya madedestino.

Sinusuportahan ng saliksik ang pagkakaroon ng maayos na buhay ng karamihan sa mga OFW. Sa mga pag-aaral ng Scalabrini, ayon kay Asis, mas nakaririwasa ang mga pamilya na mayroong miyembro na nangibang-bansa. Hindi rin ganoon kasama ang epekto ng pangingibang-bayan ng mga magulang sa mga batang may gulang na 10-12 mula sa isang pamilyang may dalawang magulang. Nakapapasok din ang mga anak ng OFW sa mga pribadong paaralan. Nagkakaroon lamang ng emosyonal na problema tuwing ang ina ang umaalis dahil sa katayuan nito sa tahanan. Ani Asis, "Kapag tatay, families are able to cope up. Malaking bahagi kasi ang caring for children. That had been so identified with mothers, so much so na kapag talagang umaalis ang nanay, talagang nagkakaroon ng maraming adjustment sa families."



Sa kasamaang palad, hindi lahat ay katulad ni Ed. Maraming OFW ang dumaranas ng pagkagipit, dala ng di-makatarungang pagpapasuweldo sa kanila ng kanilang taga-empleyo, na maaaring higit na mababa sa minimum, hindi naibibigay nang regular o wala talagang naibibigay na kahit ano. Nitong nakaraang Agosto lamang, 20 OFW ang nagsampa ng kaso sa Saudi Labor Office laban sa kanilang amo na hindi pa umano nagbibigay ng sahod mula nang magsimula silang magtrabaho ayon sa balita ng DOLE.

Nayuyurakan din ang pagkatao ng maraming OFW dala ng pagmamaltrato, seksuwal na pang-aabuso, pagkakulong na dinaranas nila sa kanilang mga amo. Hindi na rin bago ang mga ulat na nakararanas ang karamihan sa mga OFW ng diskriminasyon. Kamakailan lamang, isang Filipino ang muling nakabalik galing Kuwait matapos makaranas ng pang-aabuso at pambabastos mula sa kaniyang amo. Ayon sa babaeng ito, humigit-kumulang 200 katao sa Kuwait pa lamang ang nanatili ngayon sa embahada ng Filipinas sa naturang bansa, nahaharap sa kasong katulad ng kaniya.

Isa rin si Martinez ng Migrante sa mga dating OFW. Nagtrabaho siya sa Korea ng 12 taon. At naranasan niyang hindi sumuweldo ng anim na buwan. Pinakakain lang siya ng kapirasong kanin at itlog. Minsan na rin niyang kinuwestiyon ang Diyos: "Kasi sa totoo lang, hindi mo na mararamdaman kung tao ka pa, kung nilalang ka pa ng Diyos pag nasa abroad ka."

Marami pang mas malalang kaso, at ayon nga kay Martinez: "124 na ang nahatulan ng kamatayan sa labas ng bansa. 7,000 na ang nakakulong. 10,000 ang stranded. Daang libo ang biktima ng human trafficking. Bakit haggang ngayon, labor export program pa rin ang patungo ng gobyerno sa pag-unlad? Maaaring malaki ang epekto ng pinadadalang pera ng mga OFWs sa bansa, pero ang mas malaking tanong ay, may repleksiyon ba yan sa hapag-kainan ng bawat mamamayan? Wala."

HAKBANG NG GOBYERNO

Instrumental ang pamahalaan sa pagsusulong ng kapakanan ng mga OFW sa loob at labas ng bansa. Bagaman hindi umiiral ang ating mga batas sa mga bansang pinamamalagian ng mga OFW, mahalaga pa ring tugunan ng gobyerno ang mga pangangailangan ng ating mga kababayan habang sila ay nasa kabilang ibayo. Kailangang siguraduhin ng pamahalaan na hindi naaabuso ang karapatan ng ating mga kababayan sa ibang bansa. Paniniwala ni Asis, may pagkukulang ngunit hindi naman ibig sabihin na wala nang ginagawang hakbang ang gobyerno. Sa katunayan, naniniwala siyang maganda ang mga programa ng gobyernong may kinalaman sa mga OFW ngunit kailangan ng pagkilos upang maisakatuparan ang mga ordinansang ito. "May mga programa na nakalatag ang ating gobyerno kaya lamang iyong implementation, iyon ang problema."

Nagkaroon umano ng pagkaltas na umabot sa 50% sa pondo ng mga OFW, ayon kay Martinez. Naglalaan ang Batas Pambansa Blg. 8042 (Migrant Workers Act of 1995), na iniluwal ng kaso ni Flor Contemplacion at pinakamabilis na batas na naipasa sa Kongreso, ng P100 milyon para sa tulong legal sa mga OFWs. Sa pampasinayang talumpati ni Pang. Benigno Aquino III, inutusan niya ang POEA, OWWA, at DFA na pangalagaan ang kapakanan ng mga OFW. Ngunit noong Setyembre, kaltas ang iniharap ni Aquino, at itinanggi pa ito. Mula sa 100 milyon, naging 50 milyon na lang ang pondo para sa tulong legal sa mga OFW na napagbibintangan sa ibang bansa.



Lumitaw ang marami sa mga problema at paghihirap na kinakaharap ng tinatawag na mga 'bagong bayani' nang mabitay si Flor Contemplacion, isang Filipinong domestic worker, sa Singapore. Isa si Flor sa maraming sumubok mangibang-bayan upang humanap ng ikabubuhay ng pamilya. Hinatulan siya ng bitay ng korte sa Singapore sa salang pagpatay kay Delia Maga, kapuwa domestic helper, at kay Nicholas Huang, 4-na-taong-gulang na anak ng amo ni Maga. Binitay siya noong umaga ng ika-17 ng Marso 1995. Bagaman itinuro ng mga ebindensiya na si Flor nga ang maysala, sinisi pa rin ng marami ang gobyerno ng Singapore bilang walang-awang berdugo at ang gobyerno ng Filipinas bilang inutil na tagapagtanggol ng kaniyang mga mamamayan.



Noong ika-7 ng Agosto 2004, dinukot si Angelo de la Cruz malapit sa lungsod ng Fallujah sa Iraq ng mga rebeldeng Iraqi. Ama siya ng walong magkakapatid. Nanakot ang mga rebelde na papatayin si de la Cruz kung hindi papayag ang gobyernong Filipino na iatras ang pagpapadala ng tropa upang tulungan ang mga Alyado. Pumayag ang gobyerno sa gusto ng mga rebelde. Naging unang bansa ang Filipinas na sumunod sa gusto ng mga rebelde. Noong ika-21 ng Nobyembre 2004, nakauwi nang maayos si de la Cruz. Sinasabing isa lamang si de la Cruz sa milyong mga Filipino na mas gugustuhing mamatay sa Iraq kaysa makitang gutom ang pamilya sa pamilya.



Katulad ni Flor Contemplacion, isang domestic worker si Sarah Balabagan sa United Arab Emirates (UAE). Tubong Maguindanao, menor de edad siya nang lumuwas papuntang ibang bansa upang magtrabaho. Noong ika-19 ng Hulyo 1994, pinatay niya ang kaniyang amo. Pinagtangkaan umano siya nito na gahasain kaya niya nagawa iyon. Pagkatapos ng halos isang taon, hinatulan siya ng korte bilang nagkasala ngunit kinilala rin siya bilang biktima ng panggagahasa. Umapela ang prosekusyon at hiniling na hatulan ng kamatayan si Sarah. Noong ika-6 ng Setyembre 1995, hinatulan nga siya ng ibang korte ng kamatayan sa pamamagitan ng firing squad. Umingay ang kaso at hiniling ng marami ang pagpapawalang-bisa ng hatol ng korte. Sinasabing dahil sa hiling ng pangulo ng UAE kaya umayon ang naagrabyadong pamilya na tumanggap na lang ng pera bilang kabayaran. Dahil dito, napababa nang husto ang parusa. Nakabalik siya ng Filipinas noong 1 Agosto 1996.



Nito lamang mga nakaraang buwan, sumulpot ang istoryang hindi nagpadala ang Filipinas ng kinatawan sa seremonya ng paggawad ng Premyo Nobel para sa Kapayapaan kay Liu Xiaobo, isang Tsinong aktibista laban sa rehimen sa Tsina. Unang idinahilan ng gobyerno ang di-akmang iskedyul ng kinatawan, ngunit sa huli, inamin din ni Pang. Benigno Aquino III na ginawa ito ng kaniyang administrasyon upang hindi na lalo pang galitin ang Tsina at upang iligtas ang 5 Filipino na nasa death row. Matatandaang bago pa ito ay ang madugong bus hostage crisis sa Luneta. Sa ngayon, nasa 4,000 ang umaalis araw-araw upang magtrabaho sa ibang bansa. At ayon sa Migrante, nasa 124 na sa ating mga bagong bayani ang nahatulan ng kamatayan. 7,000 ang nakakulong. At 10,000 ang istranded. Sila ba ang mga bagong bayani? O bayani nga talaga sila dahil sila ang nagdurusa?

Tinatayang $10,000 (kalahating milyong piso) ang kailangan upang makakuha ng abogado sa ibang bansa. Kumbaga, P14,285 ang pinaghahati-hatian ng mga nangangailangang OFW. "Biruin mo, katorse mil, e ang dulo nga niyan kamatayan," ayon pa kay Martinez. Binawasan pa ng kalahati, kaya P7,000 na lang. Makasaysayan ang ginawa ni Aquino sa kaniyang talumpati noong pasinayaan siya, at makasaysayan din dahil siya ang unang lumabag sa R.A. 8042 tungkol sa pondo ng tulong legal.

Gaano man kadelikado, sinusuong pa rin ng maraming Filipino ang pagiging OFW. Sinisikap man ng gobyerno na mag-atas ng mga alituntuning nagbabawal sa mga Filipinong pumunta sa mga bansang maaari silang mapahamak, hindi pa rin mapigilan ang ilang OFW na kumakapit na lamang sa patalim magkaroon lamang ng trabaho at maitaguyod ang pamilya. Saad ni Asis, "May ban tayo sa Iraq, may mga Filipino roon. May ban tayo sa Lebanon, may mga Flipino roon. May ban tayo sa Afghanistan, may Filipino roon. Ang nangyayari, dumaraan sila sa illegal channels [upang mangibang-bayan]." Kinakikitaan niya na dapat maging mas maigting ang kampanya sa impormasyon upang maiwasan ang kapahamakan sa milyon-milyong OFWs.

Ayon kay pa kay Martinez: "Ang gusto namin, simple lang. Hindi maiiwasan ang mag-abroad sa panahon ng ganito katinding krisis... Sapagkat unibersal na batas ang tumungo, maghanap ng greener pasture. Pero sa amin naman, maghanda tayo. At mismong ang gobyerno na ang responsibility niya, ang kaniyang mamamayan, ay huwag maging bingi at bulag sa mga nangyayari."

Marami pa ngang dapat gawin ang pamahalaan. Ngunit dapat din umano, ayon kay Asis, na matutong makialam ang mga OFW ukol sa mga kailangan nilang impormasyon. "It's the work of a lot of stakeholders," pagkumpirma ni Asis.

BAGONG BAYANI

Nagkakasundo naman sina Asis at Martinez na magpapatuloy ang paglulwas ng mga Filipino upang humanap ng trabaho sa ibang bansa. Magpapatuloy ito dahil ito na ang patakaran ng mundo.

Ngunit kung papipiliin ang mga taong araw-araw nakalinya sa may POEA upang mangibang-bansa, malamang ang sagot nila'y 'kung meron lang talaga dito, hindi ako aalis.' Sabi nga ni Martinez, "Kung may time machine na tinatawag at babalik ako noong 1991, kung pamimiliin ako kung mag-abroad o hindi, hindi na ako mag-a-abroad."

Sino nga ba naman ang gugustuhing mawalay sa pamilya at sa mga taong mahal mo? Ngunit sino nga rin ba ang hindi gugustuhing mabigyan ng maayos na buhay ang kaniyang pamilya kahit ang kapalit pa nito'y pagkalayo sa kanila?

Bagong bayani ang tawag sa kanila. Wala na sana sa kanila ang magsusumbong kay Kuya Eddie at magsasabing napakasakit dahil ang pagsasakripisyo'y nauwi sa pagkasira ng pamilya. Wala na sana sa kanila ang babalik sa Filipinas upang makita ang anak na nalihis ng landas. Wala na sana sa kanila ang napagsasamantalahan sa ano pa mang paraan. Wala na sanang mga binigong bayani.

"KASI SA TOTOO LANG, HINDI MO NA MARARAMDAMAN KUNG TAO KA PA, KUNG NILALANG KA PA NG DIYOS PAG NASA ABROAD KA"
– GARRY MARTINEZ, TAGAPANGULO, MIGRANTE INTERNATIONAL

INIWAN
NGKATI
NUANTI
NALIKU
RANNG
LIPUNAN

MABAHO, MARUMI, KULANG. SA GITNA NG KALUNUS-LUNOS NA KALAGAYAN NG NATIONAL CENTER FOR MENTAL HEALTH (NCMH), ANO ANG NAGHIHINTAY SA MGA KAPATID NATING WARING TINAKASAN NA NGA NG KATINUAN, TINITIKIS PA NG LIPUNAN?

nina Tresa Valenton, Micha Aldea, at Iman Tagudina
sining mula sa
lapat ni Jake Dolosa

Ang NCMH ang pangunahing ospital sa Filipinas na tumutugon sa mga pangangailangang may kinalaman sa kalusugang mental. Sa ilalim ng Kagawaran ng Kalusugan (DOH) at sa pamumuno ng kanilang Direktor na si Dr. Bernardino A. Vicente, layunin ng NCMH na maglingkod sa mga nangangailangang Pilipino sa loob at labas man ng bansa sa pamamagitan ng pagbibigay ng serbisyong pang-ospital at pangkomunidad.

Sa kasalukuyan, may pasilidad ang NCMH na may kapasidad para sa 4,200 na pasyente. Sumasailalim sa psychiatric confinement kung saan regular silang inoobserbahan ng mga doktor hanggang sa kanilang paggaling ang mga pasyenteng tinatanggap ng ospital. Bukod dito, nagbibigay din ang NCMH ng mga dagliang serbisyo o iyong mga serbisyong hindi na nangangailangang panatilihin ang pasyente sa loob ng ospital sa loob ng mahabang panahon. Kabilang dito ang crisis admission na naglalayong bigyang-trato ang mga biglaang kaso, ang drug detoxification para sa mga nalulong sa droga, at mga konsultasyon.

Saklaw rin ng NCMH ang mga serbisyong pangkalusugang mental sa loob ng mga komunidad. Nagkakaroon ng regular na pagbisita ang kanilang psychiatrists sa mga barangay kung saan nagbibigay sila ng mga konsultasyon. Malaki rin ang ginagampanan nilang responsibilidad sa paggaling mula sa trauma ng mga naging biktima ng mga sakuna. Higit pa riyan, sinisikap ng NCMH na palawakin ang sakop ng kanilang serbisyo upang matugunan ang mga pangangailangan pati ng mga Filipino sa ibang bansa lalo na yaong mga may krisis gaya ng digmaan. Ayon kay Dr. Vicente, 90% ng mga serbisyong ito ay libre. Dulot na rin marahil ito ng kawalan ng kakayahan ng mga pamilya ng mga pasyenteng magbayad ng malaking halaga sa pagpapagamot.

MGA BALAKID SA EPEKTIBONG PAGLILINGKOD

Ang kakulangang pampinansiyal ang isa sa mga balakid ng matagumpay na paghahatid ng NCMH ng de-kalidad na serbisyo. Ayon kay Dr. Vicente, P154 lamang ang kasalukuyang araw-araw na badyet ng gobyerno sa bawat pasyente. Malinaw na hindi sapat ang halagang ito sa pang-araw-araw na pangangailangan ng bawat pasyente. Kung ikukumpara umano ito sa karaniwang ginagastos ng ibang pasyenteng nasa pribadong institusyon, lubhang maliit ang halagang ito. “Sa mga maliliit na pribadong institusyong medikal, pinakamaliit nang gastos ang P400-500 kada araw, ‘yong iba naman, umaabot ng higit isang libo.” Lalo pa itong nagiging kulang dahil sa mga gastusin para sa kanilang mga gamot na may kamahalan.

Sinasalamin din daw ng kawalan ng mga pandalubhasang kagamitan ang problemang pinansiyal na ito. “Wala rin kaming sopistikadong mga makina sa panggagamot.” Malaki sana ang maitutulong ng mga ito sa paggamot ng mga pasyente. Sa kasawiang-palad, malabo na ang pagkakaroon ng mga ito sa ating bansa sapagkat hindi ito napaglalaanan ng badyet.

Malaki umano ang nagagawa ng politika sa suliraning ito. Saad niya, “Iyong mga politiko natin, nagkakaroon sila ng mga programa para sa mga nangangailangan ng heart transplant, kidney transplant, pero para roon sa mga taong hindi makakaboto dahil sa kanilang kawalan ng matinong pag-iisip, nagkukulang. Post-trading politics ‘yan.”

Sagot rito ni Maria Lourdes Ll. Ramos, PhD, sikologo at guro mula sa Kagawaran ng Sikolohiya sa Pamantasang Ateneo de Manila, hindi lamang pagkupkop ang nararapat na tungkulin ng mga institusyong gaya ng NCMH, kundi ang kasiguruhang may serbisyong makapagbibigay ng dahilan upang bumuti ang kalagayan ng mga pasyente roon. Ayon sa kanya, “Parang tingin lang dito ay basta kinupkop lang ng gobyerno. Pero ang pagkupkop, hindi naman katumbas ng therapy na kailangan. Parang kustodiyal na pangangalaga lang, parang pinagbakasyon lang. Nakakatulong naman ‘yun. Pero kahit sa kustodiyal at residensiyal na pangangalaga, kulang na nga.” Kaya umano higit na malaking suliranin ang pagmentena sa kalidad ng mga serbisyo.

Aminado rin naman si Vicente sa puntong ito. “Mahirap talaga ang mga serbisyo namin dahil wala ngang budget. Sa tingin ko, hindi ito magiging maayos hanggang sa susunod na sampung taon,” saad niya.

Subalit para kay Vicente, higit sa anumang suliranin, malaking sagabal sa paglunas ng mga sakit na ito ang kawalang-kamalayan ng karamihan sa mga isyu ng kalusugang mental. Sabi niya, malinaw na hinahadlangan ng stigma na nakadikit sa mga mental illness ang tunay na paglutas sa mga ito. “Ang pagiging pasyente rito, ay lumalabag sa mga karapatang pantao. Kaya kapag tinanggap ka rito, kailangang siguraduhin ng mga doktor na kaya ka



tatanggapin ay base sa mga katanggap-tanggap at klinikal na dahilan—na talagang kailangang tanggapin ka. Dahil makakapatay ka o magpapakamatay ka."

Iba rin naman daw ang pinanggagalingan ng mga pamilya ng pasyente. Kadalasan umanong ninanais ng pamilya na tanggapin na sa NCMH ang kanilang kasama sa bahay upang maibsan ang bigat na dulot nila sa dinamiko ng araw-araw na pamumuhay. Para umano sa mga pamilyang walang sapat na kabatiran sa tamang paggamot sa ganitong uri ng mga sakit, ibinubunton nila ang kanilang tungkulin sa mga organisasyong tulad ng NCMH.

Pati raw ang mga doktor medikal, waring may ibang pagtingin sa mga suliraning mental. " 'Hindi, itapon ninyo iyan sa mental, huwag dito sa atin.' Kaya gayon na lamang karami ang pasyente dito sa atin (NCMH)." Nakikitang rason ni Vicente ang iilang oras lamang na nakalaan sa kurikulum ng medisina para sa pag-aaral ng mga kaso ng kalusugang mental. Kaya nga hindi na raw nakapagtataka na kahit mga regular na doktor, hindi aral sa mga ito. "Ni hindi nila alam ang preskripsiyon ng anti-depressant. Kaya wala rin silang programa pagkatapos ng paggagamot."

May ilan pang salik na nakakapagpalubha sa suliranin ng NCMH. Ayon kay Vicente, bukod pa sa kakaibang identidad na nagiging dahilan upang layuan ang mga mismong pasyente, nagkakaroon din umano ng kakaibang pagtingin sa mga gumagamot na doktor at nars. Kasama na rin ang NCMH at ang mga programa nito. Idagdag pa umano rito ang kakulangan din sa mga pangkomunidad na programang pangkalusugan na nagbibigay-tugon sa usaping ito. Dahil dito, imbis na magkaroon ng katuwang ang NCMH sa katauhan ng mga nasa komunidad ng pasyente, nagkakaroon pa sila ng karagdagang problema sa kung paano maimumulat ang mga mamamayan sa ganitong klase ng sitwasyon.

Nalulungkot si Vicente na hanggang ngayon, hindi pa rin lubos na tanggap ng lipunan ang mga taong nagdurusa mula sa problema sa pag-iisip. Maging iyong mga taong gumaling na, kadalasan ay hindi rin nakakapagtamasa ng parehong pagtrato sa mga tagalabas. Maaari umanong kaugnay na rin ito ng tinatawag niyang "Taong-grasa Phenomenon" kung saa'y bumabalik sa kanilang problematikong pamumuhay ang mga dating pasyenteng mula pa sa malalayong lalawigan (halimbawa'y mula pa sa mga probinsya sa Mindanao) at nangagkalat sa kalsada. O di naman kaya ay hinahayaan na lamang sila ng kanilang mga pamilya na mamuhay sa kalsada. Dahil hindi naman umano magawa ng NCMH na isa-isang tingnan ang mga lumabas nang pasyente, hindi na nila masigurong hindi na nga babalik sa dating kalagayan ang mga ito.

Sang-ayon man si Ramos na malaking salik sa suliranin ng paggaling ang pagtingin at "pag-intindi ng sambayanan", may iba pa siyang nakikitang isyu sa loob ng sektor ng kalusugang mental—ang politika sa pagitan ng mga sikologo at doktor medikal. Ayon sa kanya, "Kadalasan ang tingin nila

"ANG PSYCHIATRIC CONFINEMENT, IS VIOLATIVE OF YOUR BASIC HUMAN RIGHTS AND FREEDOM. SO KAPAG NAHOSPITALIZE KA, OUR DOCTORS MUST BE VERY SURE NA KAYA KA IAADMIT AY BASE SA VALID CLINICAL REASONS. NA TALAGANG KAILANGANG MAADMIT KA. DAHIL MAKAKAPATAY KA O MAGPAPAKAMATAY KA."

— DR. BERNARDINO VICENTE

(doktor) d'yan ay medikal na sakit. Kaya 'pag ganoon, ang magtatrabaho diyan ay doktor medikal din, na nakakatulong din naman sa maraming paraan pero kulang, kasi ang lunas nila ay tumutugon sa pamumuhay, atitud, behavioral." Mayroon umanong mga doktor na hindi naniniwala sa talk therapy. "May malaking dibisyon. Totoo 'yan, kahit pa noong panahon pa ni Fr. Jaime Bulatao, kahit sa Estados Unidos, parang ang tingin nila sa Psych ay mababang uri ng mga propesyonal. Ngayon, nagkakaroon na lang ng halaga, kapag hindi na nila makuha kung anong dapat gawin (o hindi gamot), saka nila ipapadala sa sikologo. Tapos kapag sinuri nga, ayun, (iba ang diagnosis)."

Dagdag ni Ramos, "Dapat may kaalaman ka rin sa lakbay ng pagiging tao. Mahalaga 'yong pagtingin sa pisyolohikal na aspekto, batayan iyan pero 'yong sabi nga ni Thomas Szasz, karamihan dito sa sinasabing sakit sa pag-iisip, hindi naman talaga sila usaping medikal kundi sila ay "problema sa pamumuhay". Aniya, ang suliranin ng mga taong ito ay kung paano makakaraos sa kanilang mga problema "Kaya kapag nasanay sila sa coping, lumalakas iyong ego strength." Kaya na lamang umano nagiging pisyolohikal ang dinaramdam, kapag halimbawa'y nawalan na ng gana sa pagkain. "Kaya may medikal na aspekto na, parang pangalawang aspekto na lang siya."

MGA REKOMENDASYON

Marami mang suliranin ang kinakaharap ng NCMH, positibo pa rin ang pananaw ni Ramos. Mahalaga umano ang pagtutulungan ng iba't ibang disiplina para sa pagiging buo ng pagpapagaling sa mga pasyente. "Sana magkaroon ng paraan upang mapagsama-sama ang mga tao at gumawa ng isang bagay na makabuluhan." Katulad umano ng mga programang practicum ng kagawaran ng sikolohiya, maaaring tuluyang buksan ang NCMH para sa mga nais magsanay sa larangan ng counseling. Dagdag niya, "Hayag naman sila (NCMH) sa pangangailangan nila ng tulong mula sa materyal hanggang sa pantao hanggang sa espirituwal kasi napapagod din sila. Siguro, sana magkaroon ng koordinasyon itong mga ospital sa mga pamantasang may mga (kursong) sikolohiya at medisina, para maging pormal na siyang institusyon."

Mahalaga umanong magkaroon ng diwa ng kawanggawa sapagkat doon nagmumula ang mas malaking pwersa upang kahit paano'y magdulot ng pagbabago sa sistema. Kabilang na rin daw rito ang mga pagbisitang isinasagawa ng organisasyong Psyche. Sinimulan ang proyektong ito taong 2008 kung saan bumibisita ang kanilang mga miyembro, nagpapalaro, nagpapakain, at kumakausap sa mga pasyente sa NCMH. Kung minsan, isinasama rin ng grupo ang mga mag-aaral na may klase sa "Abnormal Psychology".

Saad ni Maximillian King Fernandez, pangulo ng Psyche, isa umano sa mga maling pananaw ng lipunan na kapag naging pasyente sa NCMH, kaakibat nito ang tuluyang pagkawala ng katinuan—iyong tipo na hindi na makakausap. Ito ang nais labanan ng Psyche. "Kasi palagi nilang naiisip ang masamang bahagi, kasi baka raw masaktan sila. Maaaring meron silang inkapasidad, pero wala naman sa mga naging pagbisita namin ang nagsanhi ng trauma sa mga mag-aaral. Sa katunayan, umuuwi silang puno ng inspirasyon." Ang hamon ni Ramos, "Kaya dapat mong kausapin 'yong tao kasi s'ya 'yong nawala, kaya kailangan mo uli siyang ipahanap sa sarili nila."

Dagdag niya, "Gaya ng ibang adbokasya, nagsisimula ang lahat sa pagiging mulat. Hindi naman sa sinasabi kong pagkatapos ng unang bisita e maiisipan na agad nilang magdonate. Siguro, ang gusto lang namin munang maibahagi sa mga tao ay 'yong ideya na may isa pang sektor, ang mental health sector, na nangangailangan din ng suporta. Sana 'wag lang silang matabunan."

Sa panig naman ng NCMH, pesimistiko sila sa pagkakaroon ng sapat na pondo mula sa pamahalaan. "Wala akong inaasahang suporta mula sa gobyerno. Hahanap kami ng sariling panustos. Dahil sa loob ng maraming taon, wala silang ibinibigay na suporta," ayon kay Vicente. Dahil dito, may mga sariling programa ang NCMH upang kahit paano ay matustusan ang kanilang mga pangangailangan. Ilan na rito ang pagkakaroon ng singil sa parking at sertipikong medikal, at ID ng outpatients. Sakali rin umanong magkaroon ng pagkuha ng mga eksena ng palabas sa telebisyon sa loob ng kanilang pasilidad, pinagbabayad nila ang produksyon ng P2000 sa bawat oras na ilalagi nila roon.

Ang pinakamalaking pag-asa umano nila ay ang Public-Private Partnerships (PPP) na tumutustos sa pagbili ng mga makinang makatutulong upang maintindihan ang kondisyon ng mga pasyente. Halimbawa raw ang pagbili ng sopistikadong x-ray na nagkakahalaga ng milyones. Sa sistemang ito, ang pribadong kompanya ang magtutustos ng pambili ng makina samantalang ang NCMH ang siyang magiging lugar o pasilidad na pagdarausan ng proseso, at siyang magtutustos ng mga personel rito. Maghahati ang NCMH at ang pribadong kompanya sa kikitain ng operasyong ito.

MGA IMPLIKASYON

Sa patung-patong na suliranin ng NCMH, tila tuluyan na itong nawalan ng kumpiyansa sa pondong mula pamahalaan. Ang resulta, ang nagmimistulang neoliberal na pamamahala kung saa'y nagiging negosyo na rin ang mga institusyong dapat magbigay ng libre at maaasahang serbisyopubliko. Kaya higit na kumakaunti ang naaabot ng paglilingkod.

Sa panig naman ng mga sibilyang grupo, tangi na lamang nilang inaasahan ang kanilang sariling inisyatiba upang imulat ang kapwa sa kalunus-lunos na kalagayan ng mga kapatid na tinakasan na ng katinuan. Tayo, ano ang maaari nating gawin dito? 

Pitik Putak

Sa Hatol ng Yeso

Isang Sulyap sa mga Guro ng mga Pampublikong Paaralan

nina Raph Limiac at Kristine Pascual
sining ni Michelle Garcia
lapat ni Jake Dolosa

GAYA NG MARAMING MGA sektor ng paggawa, maraming nararanasang problema ang mga guro sa mga pampublikong paaralan, lalo na sa usapin ng sahod at mga benepisyo. Tulad ng maraming mga manggagawa, higit na mababa pa sa nakatakdang minimum wage ang nakukuha ng mga guro bawat buwan. Dagdag pa rito ang kawalan ng benepisyo tulad ng panustos para sa transportasyon at hazard pay para sa mga gurong nanggagaling pa sa malayong lugar.

Bagaman may Magna Carta for Public School Teachers na nagsusulong sa kapakanan ng mga guro, madalas namang hindi naisusulong ang mga layunin nito. Dito pumapasok ang Philippine Public School Teachers Association (PPSTA), isang organisasyon na kinabibilangan ng maraming mga guro ng mga pampublikong paaralan ng buong Filipinas na may layuning suportahan ang mga adbokasya ng mga kaguruan. Para magawa ito, may mga programa ito tulad ng mutual aid system, retirement benefit program at Sariling Sikap na programang pautang para sa mga guro.

Ayon kay Cristina Manalo, Regional President ng NCR ng PPSTA at isang guro, isang epekto ng pagiging salat sa pera ng mga guro ang hindi pagtuturo nang maayos dala ng ilang problemang may kaugnayan sa pamumuhay. Paliwanag niya, "Basically, no matter how good the teacher is, kung magtuturo ako sa iyo, at iisipin ko mamaya ang ipapaulam ko sa mga anak ko, at kung ano ang pambabayad ko sa tuition fee ng anak ko, didiskarte pa ako ng pangungutang para may ulam mamayang gabi, di kita matuturuan ng maayos." Dagdag pa ni Marissa Bulawan, isang trainer ng PPSTA sa Gitnang Visayas,"Kung iniimplement lang talaga ng gobyerno ang benepisyo na dapat sa guro, walang paghihirap sa guro, at wala ring maghihirap ng estudyante kasi natuturuan ng maayos. Ibigay mo ang pangangailangan ng guro at ibabalik naman niya iyon ng sobra pa."


Maliban sa mga ekonomikong karapatan at benepisyo ng mga guro, isa pang matindi nilang pangangailangan ang propesyunal na paglago sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mataas na edukasyon. Nakikita ito ni Arante para makaasenso sa pagtuturo at pati na rin sa ranggo ang mga guro. Hindi lang ang mga mag-aaral ang nangangailangan ng edukasyon at magandang pagtrato. Kaya nga lang, hindi nakakakuha ng postgraduate na pag-aaral dahil sa kulang na sahod. Kung hindi na nga masustentahan ng mga guro ang kanilang mga pamilya, paano pa kaya ang edukasyon nila na sinusugan ng sitwasyong ibinahagi ni Arante, "Ang guro, naka-abroad na ang anak niya, doktor na [ang] estudyante niya, teacher pa rin si ma'am. Kasi nga wala siyang kakayahan sa kaniyang sahod para makapaglaan ng pondo sa kaniyang pag-aaral."

Sa huli, hindi naman isang malayong grupo ang PPSTA na nagbibigay lamang ngunit hindi nakikibahagi. Sinasamahan din nila ang mga guro sa kanilang mga adbokasiya at binibigyan sila ng iisang boses. Naroon din ang ACT Teachers, ang party-list ng Alliance of Concerned Teachers, isang kaalyadong grupo ng PPSTA. Sa paghalal nito sa Kongreso, inaasahang matugunan ang mga pangangailangan ng mga guro at mabantayan ang pagsasatupad ng mga ito sa paraan ng lehislatibo.

Isa pa sa mga suliraning pang-edukasyon ang tinatawag na brain drain kung saan nagsisialisan ang mga nakapag-aral na Filipinong maaaring maglingkod sa bayan, mga Pilipinong maaring magtaguyod ng edukasyon sa kabataan. Ayon kay Manalo, "Ang nangyayari, nawala ang mga best minds natin . Nasa abroad na [sila]. Kung namamahagi kami sa mga teacher leaders, you are our best teachers." Bukod pa rito sanhi ito ng magagandang pangakong pagdating ibang bayan ngunit sila ay pursigidong gawin ito at iwan ang bayan. Ang suliraning ito ang may pinakamabigat na dagok sa ating sistemang pang-edukasyon. Kaya naman ang pangunahing solusyon ng ating pamahalaan ay ang pagkilala sa mga guro bilang mahalagang yamang tao ng ating bansa.

PAGKUKUMPUNI

Maliban sa problema sa sahod at benepisyo, ang ating mga guro ay nagkukulang ng kasanayan sa kanilang mga larangan. Bukod pa rito nabanggit ni Bulawan, "sa facilities pa lang, ramdam na ramdam namin na kulang. Siguro sa tulong ng mga nasa pribado, maaaring matugunan ang mga problema namin. Katulad sa



kakulangan ng gamit, sa paglulunsad ng mga araling makaka-advance ng mga training ng mga guro," Sa mabilis na pagbabagong nararanasan ng mundo, hindi na nakakasabay sa bilis nito ang gating mga guro. Nawawala ang kalidad ng kanilang pagtuturo dahil hindi na nila nahahasa pa ang kanilang kasanayan at naiiwan ang mga ito sa nakaraan.

Ayon sa isang panayam kay Ched Arzadon ng UP College of Education (UP CEd), binibigyang tuon ngayon ng Kagawaran ng Edukasyon kasama ng UP CEd ang pagsasanay ng mga guro sa iba't ibang mga larangan. Binibigyan din ang mga guro at mag-aaral ng UP CEd ang pagkakataong gumawa ng mga pagsasaliksik tungkol sa mga isyung laganap sa edukasyon at mga guro ngayon na ayon din sa kanilang larangan. Samakatuwid, nabibigyang pagkakataong magturo habang natututo ang mga guro. "Isa ito sa mga pangunahing agenda ni Pangulong Aquino tungo sa matuwid na daan" ani Arzadon.

Isa sa mga nabanggit ni Arzadon na pananaliksik sa UP CEd ay tungkol sa paggamit ng sariling wika o diyalekto sa klase para sa higit na madaling pakikipagtalastasan sa mga mag-aaral. Sa paggamit ng wika o diyalektong nakasanayan na ng guro, maituturo at maipapaliwanag nang maayos ang mga aralin. Dito, nagiging magaan ang trabaho ng mga guro, at pati na rin ang pag-aaral mga mag-aaral.

Malaking proyekto rin para sa UP CEd ang pagsasanay sa mga guro. Bagaman hindi pa nabibigyan ng solusyon ang problema sa mga benepisyo at sahod ng mga guro, natutulungan naman sila sa pagkakaroon ng malawak na kaalaman tungkol sa kanilang propesyon. Ngunit kahit na may mga ganitong proyekto at programa na nakalilinang sa kakayahan ng mga guro, hindi nito matutumbasan ang postgraduate studies na higit na makalilinang sa kanilang mga kakayahan. Bagaman nakasaad sa Magna Carta na maaaring mag-study leave ang mga gurong ninanais na kumuha ng mas mataas pa na edukasyon, hindi naman sila nakikinabang dito dahil wala man silang pangmatrikula. Kung kulang na nga sa mga pangunahing gastusin ang mga guro, paano pa kaya sa tila hindi mahalagang pagpapatuloy ng pag-aaral?

MALABONG PATUTUNGUHAN

Kung titingnan nang maigi, maayos sana ang kalagayan ng ating mga guro. Maraming programa ang gobyerno upang mapabuti ang estado nila, isa na rito ang pagpapataas ng kanilang mga suweldo. May kaakibat na solusyon nga sa bawat suliranin, ngunit bakit ganito ang kalagayan nila ngayon? Mayroon namang ginagawa para sa ating mga guro, ngunit hindi ito sapat. Hindi pa rin nagagamit ng mga guro ang kanilang pinakamataas na kakayahan dahil mas matimbang pa rin para sa kanila sige sigang daing ng kanilang pamilya. "Pero magkano ba ang binibigay ng gobyerno sa mga guro na bumaba nito? Hindi sapat" patuloy na hinaing ni Arante.



KILALA NATIN SILA. Sila ang tunay na mga "hari ng kalsada": ang mga tagatinda ng sampagita, tagalinis ng sapatos, tagalako ng diyaryo, tagasukli sa mga dyip, at tagapunas ng bintana ng sasakyan. Sila rin ang mga sunog na balat na maagang gumagapas sa palayan, umaakyat sa niyog, nagbubuhat ng tubo, pumipitas ng saging, umaani ng mais, pinya at tabako sa ilalim ng nagngangalit na araw. Sila ang buto't balat na pangangatawang tumitipon ng bawat bote, plastik, at basurang ikinalat sa tabing-dagat, gubat, at kasulok-sulukang eskinita upang pagkakitaan. Sila ang mga paslit na maagang tumanda – agad tinanggap ang responsibilidad bilang tagataguyod ng pamilya at agad nagbanat ng buto upang punan ang kalam ng sikmura. Sila ang mga batang manggagawa.

…'YAN ANG TOTOO…

Itinuturing na miyembro ng kabataang sektor ang sinuman na hindi pa umaabot ng 18-anyos. Ayon ito sa depinisyon na pinagtibay sa 1989 Convention on the Rights of Children ng United Nations (UN) at ng 1999 Convention on the Worst Forms of Child Labor ng International Labor Organization (ILO). Malinaw na isinasaad ng Seksiyon 3, Artikulo XV ng Saligang Batas ang

Pitik Putak

Kumusta Kamusmusan

nina Dylan Valerio, Benjo Empedrado, Jan Fredrick Cruz
sining ni Nikka Anatalio
lapat ni Jake Dolosa



katungkulan ng Estado upang proteksiyunan ang interes at kapakanan ng kabataan laban sa anumang uri ng "pagpapabaya, pagaabuso, pagmamalupit, pagsasamantala, at iba pang kondisyong nakakapinsala sa kanilang pag-unlad." Ganito ang bisyon ng Konstitusyon – na ang bawat bata ay nakatatanggap ng pagkalinga ng tahanan, nakapapasok sa paaralan, nakapaglalaro kasama ang kapwa bata, at malayang tinatamasa ang saya ng pagkamusmos.

Magkagayon, isa pa rin itong mailap na pangarap para sa tinatayang dalawang milyong kabataang (edad 5-17) naghahanapbuhay, batay sa estadistikang inilabas ng Bureau of Labor and Employment Statistics noong Mayo 2006. Isa sa bawat anim na batang nagtatrabaho ay nasa gulang na 15-17; may 6.2% ang nasa edad 5-9. Bukod pa rito, humigit-kumulang 39.7% sa naitalang batang naghahanapbuhay ang nag-aaral sa elementarya at 26.7% ang nasa hayskul nang isagawa ang naturang survey.

Sa kabilang banda, isinama ang Filipinas sa 120 bansang talamak ang child labor sa inilabas na ulat ng Department of Labor ng Estados Unidos noong Disyembre

2009. Sa report na pinamagatang "Findings on the Worst Forms of Child Labor," inilista ang iba't ibang trabahong kinasasadlakan ng mga menor de edad: pagmimina, muro-ami, pagsasaka, pagiging kasambahay, at maging sa mga ilegal na gawain gaya ng prostitusyon at pagbebenta ng bawal na gamot.

...NAGKAKAMALI KA KUNG AKALA MO NA ANG BUHAY AY ISANG MUMUNTING PARAISO LAMANG...

Kung tutuusin, sa bansang humigit-kumulang 49% na mag-anak ang itinuturing ang kanilang sarili na maralita at nasa 18.1% na pamilya ang nakararanas ng gutom*, hindi na nga kataka-taka na kumapit sa patalim ang ilang kabataan upang makaahon sa hirap. Isa na rito si "Joy," hindi niya tunay na pangalan.

Tatlong buwan na rin simula nang unang dumating si Joy sa Nayon ng Kabataan, isang institusyon sa Mandaluyong na nangangalaga sa mga nawala, inabandona, naulila, at naabusong kabataan. Pangkaraniwan lamang ang itsura ng dalaga: bahagyang kulot na buhok na abot-leeg, sarat na ilong, mga matang malamlam, kayumangging balat, at maliit na pangangatawan. Mahiyain si Joy at halos walang imik. Ngunit sa likod ng tipid na ngiti at pananalita, pilit ikinukubli ang mga sugat ng nakaraan.

Tubong-Dumaguete si Joy at panganay sa walong magkakapatid. Lima lamang sa kanila ang nakapag-aral dahil mag-isang binubuhay ng ina ang mga anak sa pamamagitan ng pagtitinda sa palengke. Isang araw, dumating si "Lina", kaibigan ng ina ni Joy, at nangungumbinsi sa dalagang magtrabaho sa Maynila. "[Kailangang] humanap daw ng trabaho para magkapera," isinalaysay ni Joy. Bagaman may agam-agam ang ina, nahikayat din itong payagan ang anak dahil sa kagustuhan na rin ni Joy.

Sa gulang na 16-anyos, nakipagsapalaran si Joy sa Kamaynilaan kasama ang ilang menor de edad galing Dumaguete. Isinama sila ni Lina sa "agency" na siyang naghahanap ng mga tahanan kung saan puwedeng mamasukan sina Joy bilang katulong.

Unang nakapagtrabaho si Joy sa isang pamilya sa Caloocan. "Laba, linis, plantsa, magluto" – ganito inilarawan ni Joy ang trabaho niya kung saan sumusuweldo siya ng P2,500 kada buwan. Aniya, batid umano ng amo niya na isa siyang menor de edad.

Magkagayon, naging sakitin si Joy samantalang namamasukan, na nagsilbing dahilan upang ibalik siya ng employer sa "agency." Sinubukan siyang ipasok ng "agency" bilang kasambahay sa ibang tahanan, subalit laging ibinabalik si Joy makaraan ang ilang linggo dahil sa sakit nito. Isang buwan ang pinakamatagal na pananatili ni Joy sa isang bahay bilang katulong.

At tuwing ibinabalik siya sa "agency," dito dumaranas si Joy ng pang-aabuso. "Kapag wala na akong lagnat, pasok ako [sa] trabaho. Kapag nilagnat [muli ako], ibabalik ako agency. Bubugbugin ako sa agency," isiniwalat ng dalaga. Bukod sa pambubugbog, sinabi pa ni Joy na pinagtatrabaho pa rin siya – pinagwawalis, pinaglalampaso, o pinaghuhugas ng plato – sa loob ng "agency" kahit may karamdaman.

Hanggang sa may makatakas na kasamahan si Joy at makapagsumbong sa Criminal Investigation and Detection Group (CIDG). Sinimulan ng kapulisan ang pagmamatyag sa "agency" at nang mapatunayang pinagtatrabaho nito ang mga menor de edad, isinagawa ang entrapment operation kung saan nailigtas sina Joy. Nobyembre ng nakaraang taon, inilipat si Joy sa pangangalaga ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) at ng Nayon ng Kabataan.

Ngayon, 18 taong gulang na si Joy at nasa unang taon ng pag-aaral sa hayskul sa Mandaluyong.

...NAIS KO SANANG MALAMAN ANG MALI SA KATOTOHANAN...

Mahabang proseso ang pinagdadaanan ng mga nailigtas na batang obrero bago makabalik sa lipunan. Ayon kay Sec. Corazon "Dinky" Soliman ng Department of Social Welfare and Development, may dalawang bahagi ang proseso ng rehabilitasyon. Una, "binubuo [ng DSWD] ulit ang sarili [ng mga bata]". Importante ang pagbubuong muli na ito sa nabasag na pagtingin ng mga menor de edad sa sarili nila. Sa pananaw ni Soliman, "parang ang pagpapahalaga mo sa katawan mo, [at] sa sarili mo ay nawala" sa bawat pagdanas ng mapang-abusong aspekto ng child labor. Kung may maitutulong ang pamilya ng bata, ginagamit ng kagawaran ang magiging positibong kontribusyon nila sa nasabing "pagbubuong-muli." Ngunit, kung ang pamilya mismo ng bata ang dahilan ng pagkalugmok nito sa usapin ng maagang paghahanap-buhay, humahanap ang DSWD ng malapit na kamag-anak na puwedeng kumalinga sa menor de edad. Kung walang mahanap, ang mga social worker na ang mangangalaga sa bata hanggang makatuntong ito sa edad na 18.

Ikalawang bahagi ng rehabilitasyon ang pagtuturo ng mga kasanayan na maaring magamit ng bata kapag nasa hustong gulang na ito. Hinahayaang ng DSWD na ituloy ng mga bata ang kanilang naudlot na pag-aaral, o kung hindi man nakapag-aral, sinasagot na ng departamento ang edukasyon nito sa elementarya o sekondarya. Sa sandaling makatapos ng kayskul ang menor de edad, tuturuan sila ng kasanayang teknikal at bokasyonal, gaya ng paggamit ng computer samantalang sinasanay maging call-center agent ang iba.

...KAHIT GANYAN ANG KINALALAGYAN ALAM MO NA MAY KARAPATAN ANG BAWAT NILALANG...

Karapatan ng isang bata ang patnubayan ng sapat na pagkalinga at magandang bukas. Nakalulungkot isipin na ibinubunsod ng laganap na kahirapan ang mga bata upang pumasok sa trabaho sa halip na pumasok sa paaralan. Sa kabutihang palad, nasa proteksyon ng batas ang mga katulad ni Joy. Nariyan ang Republic Act No. 7610 o "Special Protection of Children Against Child Abuse, Exploitation and Discrimination Act" na ispesipikong binanggit ang mga uri ng paglabag sa karapatan ng kabataan, at ang katumbas na parusa. Katuwang nito ang Republict Act No. 9231, na mas kilala bilang "Anti-Child Labor Act," na isinasanggalang ang kabataan laban sa maagang pagtatrabaho, at nagpapataw ng mas mabibigat na parusa sa sinumang nagtataguyod ng child labor. Idagdag pa rito ang non-gonvernment organization at mga tanggapan sa pamahalaan tulad ng DSWD, Department of Justice (sa pamamagitan ng kanilang child protection program), National Youth Commission, at ang kapulisan na aktibong kumikilos upang sugpuin ang masalimuot na usapin ng mga batang trabahador.

Palaging sinasabi na ang gobyerno ay "ng mamamayan, mula sa mamamayan, at para sa mamamayan." Kung gayon, mahalagang kumilos ang pamahalaan – at maging ang iba pang bahagi ng lipunan – upang iligtas ang mga menor de edad laban sa maagang pagtatrabaho, at isulong ang kabutihan ng kanilang kapakanan, dahil ang kabataan, wala man sa sapat na gulang, ay mamamayan pa rin ng bansa.

...Kahit bata pa man,
kahit bata pa man. 

* batay sa Fourth Quarter 2010 Survey na inilabas ng SWS nitong Enero 13, 2011

Bumisita sa Tanghal-Litrato sa Dela Costa Foyer sa Pebrero 22

1. Bukas ang timpalak na ito sa lahat ng mga mag-aaral ng Pamantasang Ateneo de Manila na hindi kasalukuyang kasapi ng Matanglawin

2. Kinakailangang nasa wikang Filipino ang mga lahok na ipapasa at akma sa tema ng mga litratong makikita sa tanghal-litrato o sa http://hulagway.matanglawin.org. Maaaring ipasa ang mga piyesa mula Pebrero 22.

   Ang mga ipapasang piyesa ay dapat na orihinal, hindi pa dapat nailalathala sa ano mang publikasyon o naisasali sa ibang timpalak.

4. Sa pagpasa ng mga piyesang ito, binibigyang-karapatan ng kalahok ang Matanglawin na ilathala ito sa magasin at website.

5. Maglagay ng dalawang makinilyadong kopya ng piyesa sa isang short brown envelope. Ilagay sa hiwalay na papel ang buong pangalan, ID number, kurso at contact number(s), at ipasa sa MVP201-202 Silid-Publikasyon, sa silid ng Matanglawin.

6. Ang mga magwawagi ay magkakamit ng mga sumusunod na premyo (sa bawat dibisyon):
   Unang gantimpala - Php2500
   Ikalawang gantimpala- Php1500

7. Ang tulang mabibigyan ng unang gantimpala ay gagamiting titik para sa Talim ng Balintatataw, isang seksiyon sa Matanglawin, sa ikalima nitong regular na isyu.

8. Mangyaring bumisita sa website para mga anunsiyo.

HULAGWAY

isang patimpalak ng Matanglawin



Hindi mo hininging ilibot
kita sa mundo...



O kaya'y ipaghanda ng piging
at bandehado;



Yaong laro sa baga'y hindi
ko ipinilit,




Zara, Manels at ibang luho,
ayaw mo ipapuslit.



Ito’y pinagpapasalamat,
hindi ng aking bulsa,



Lipos-ligaya ang kaluluwang
binigyan mong pag-asa.



Yamang hindi ka naghahanap ng anumang regalo,
narito ang buhay kong ikaw ang puno’t dulo.

kuha ni Carol Yu
titik ni HansleyJuliano
lapat ni Angela Muñoz



Sigaw ng Bayan

PINUNLANG SIGALOT

nina Hansley Juliano at Tiffany Sy
sining ni Michelle Garcia
lapat ni Jake Dolosa

Pagtanaw sa mabuway na lagay ng repormang agraryo sa Pilipinas batay sa mga kaso ng Hacienda Luisita at APECO

Tuwing mapapag-usapan ang Hacienda Luisita ng Tarlac, kagyat na maaalala ang mga sari-saring imaheng maparikala. Nakatali dito ang isang usapin ng katarungang sampung taon nang ipinaglalaban ng mga taong inapi't hindi binibigyang-tinig. Nakatali dito ang pangalan ng isang angkang ibinandila ang kanyang sarili bilang pangunahing tagapagtaguyod ng kabutihan at karangalan. Nakatali dito ang usapin ng mga pananaw ukol sa kung papaano magagamit ang lupa bilang likas-yaman at kapital sa pagpapalago. Nakatali dito ang kinabukasan hindi lamang ng uring magsasaka kundi ng pagpapanibago ng ating pananaw tungkol sa repormang agraryo.

Habang tumatagal ang hindi pagkaresolba sa mga usaping agraryo, lalong dumarami ang mga kaso ng pananananamantala ng mga nagmamay-aring uri sa mga lupaing minana pa ng ating mga kababayan sa kanilang mga ninuno. Sa ngalan ng pagpapalaganap ng pag-unlad, nasasapanganib sa kasalukuyan ang mga lupain ng mga magsasaka't katutubo sa lalawigan ng Aurora. Bagaman ipinanukala nang may diumano'y mabuting layunin, tila hindi nabigyang-pansin ng mga nagpasimuno sa ideya ng Aurora Pacific Economic Zone and Freeport (APECO) ang mga interes ng karaniwang mamamayan.

Marahil naiaangkop natin ang mga salaysay ng Luisita at APECO sa ilan sa mga tanyag na pangalan at mga personalidad sa ating bansa (ang mga Cojuangco-Aquino sa una at ang mga Angara sa huli), subalit hindi natin lubusang batid ang pinagbubuhatan ng mga suliraning ito. Dala ng pagdakila ng lipunan sa industriyalisasyon, lubos na napabayaan ang pagpapahalaga sa interes ng pagsasaka na nagpapakain sa ating buong bansa. Makikita sa kasalukuyang laban ng mga interesadong partido sa Luisita at APECO ang nananatiling mala-piyudal na pananaw sa lupa na humaharang sa pagpapayabong ng pagsasaka at matagalang kaunlaran.

DUGO SA LUPANG COJUANGCO

Maaaring tahiin ang pagkatali ng angkang Cojuangco sa Hacienda Luisita nang mapunta sa kamay ni Jose Cojuangco Sr. ang karamihang shares ng Central Azucarera de Tarlac (CAT) noong Agosto 27, 1957. Sa pagkakatatag ng Tarlac Development Corporation (Tadeco) noong Pebrero 5, 1958, itinakda ng Lupon ng mga Katiwala ng Government Service and Insurance System (GSIS) batay sa Kapasyahan Blg. 356 na kailangan ring ibenta ng Tadeco ang mga lupain ng Luisita sa kanyang mga kasamá. Sa kabila ng kautusang ito, pinanghawakan ng Tadeco ang mga lupain.

Sapagka't ang mga Cojuangco ay alyado ng angkang Aquino (kung saan kabilang ang repormistang si Senador Benigno "Ninoy" Aquino Jr.), hindi kataka-takang tugisin sila at ang kanilang mga pag-aari ng rehimeng diktadura ni Ferdinand E. Marcos. Noong 1980, isinampa nito ang Kasong Sibil Blg. 131654 na nagpipilit sa Tadeco na ipaubaya na sa Ministerya



ng Repormang Agraryo ang Hacienda Luisita upang maibahagi sa mga kasama. Naglabas ang Regional Trial Court ng Maynila ng kapasiyahang nag-uutos sa mga Cojuangco na ipamahagi na ang lupa noong Disyembre 1985, ngunit hindi na ito kagyat naipatupad ng rehimeng Marcos dala ng naganap na Himagsikang Bayan sa EDSA noong Pebrero 1986.

Nailuklok si Corazon Cojuangco-Aquino bilang Pangulo, at isa sa mga unang programang naipasa sa bagong-halal na Kongreso ay ang Comprehensive Agrarian Reform Program (Carp) sa ilalim ng Batas Republika Blg. 6657 (bunga na rin ng naganap na masaker sa Mendiola noong 1987 nang magwelga ang Kilusang Magbubukid ng Pilipinas). Bagaman naging pangunahing atas ng Carp ang pagpapamahagi ng lupa (na babayaran naman ng mga kasamá), binigyan nito ng palusot ang mga panginoong maylupa, gamit ang stock distribution option (SDO), na mapanatili ang kanilang lupain habang babayaran ang mga kasamá ng karampatang halaga.

Ganito nga ang ginawa ng mga Cojuangco, sa pamamagitan ng bagong-tatag na Hacienda Luisita Inc. (HLI) noong 1989, at kasunod nilang matagumpay na naipatala ang 3,290 ektarya ng kanilang mga lupain mula agrikultural (na mapasasailalim sa Carp) tungong industriyal (na hindi masasakop ng Carp) noong 1996, kung saan ito'y nagging Luisita Industrial Park.

Hindi pa rin nakakalimutan ng mga magsasaka ang ipinangakong lupa sa kanila, kaya noong Oktubre 14, 2003, nagsampa ng kaso ang supervisory group ng HLI sa Kagawaran ng Repormang Agraryo (DAR) upang ireklamo ang kawalan ng pag-unlad at trabaho ng maraming kasamá. Sunod-sunod na kaso't protesta laban sa SDO ang kanilang isinagawa, na umabot noong Nobyembre 6, 2004 sa isang malawakang welga ng Central Azucarera de Tarlac Labor Union (CATLU) at United Luisita Workers' Union (ULWU). Sampung araw matapos ito, Nobyembre 16, naganap ang isang masaker na pumatay sa pito (7) at sumugat sa marami sa mga magsasaka, na siyang nagpakilala sa isyu sa sambayanang Pilipino.

PAGBALIKWAS SA TUWID NA LANDAS

Isinalaysay ni Kinatawan Arlene "Kaka" J. Bag-Ao ng Akbayan Party List, kilalang manananggol ng mga adbokasiya sa repormang agraryo (tulad ng mga tanyag na kaso ng Sumilao at Calatagan), kung paanong lubusang naghirap ang mga kasamá sa di-makatarungang ugnayan ng mga magsasaka at ng HLI. Aniya, "Lalong naghirap yung magsasaka kasi tinuturing pa rin silang utusan kaysa may-ari ng lupa; dahil ang pinapahawak lang sa kanila yung stocks ng SDO-imposed value. Nananatili pa rin ang ugnayan at hindi maayos na proseso ng pagsasaka: ang nagdidikta ng polisiya, yung korporasyon at hindi yung magsasaka."

Naniniwala si Bag-Ao na nag-uugat ang pagmamatigas ng HLI sa maling pananaw nila ukol sa pagpapayabong ng lupang sakahan. Dala na rin ng polisiyang neoliberal ng mga nakaraang pamahalaan (kung saan pinagtutuunan ang pamumuhunan kaysa lokal na produksyon), nabibigyan ng lakas ng loob ang HLI na magsa-industriyalisado kahit mapapasama ang mga magsasaka.

Nakita na ng akademikong si Walden Bello na masama't hindi makakatulong ang mga ganitong polisiya sa katiwasayan ng ekonomiya ng bansa. Kanyang pinansin sa kanyang aklat na The Food Wars ang parikala kung papaanong "sa kasalukuyan, ang papel ng Pilipinas bilang taga-angkat ng bigas… ay tinatanggap ng isang pamahalaang pinapabayaan ang kanayunan bilang mahalagang salik sa paglago ng pambansang ekonomiya."

Sinusugan ni Bag-Ao ang ganitong pananaw: "Ano ang karapatan [ng HLI] sabihin na hindi kaya ng magsasaka na patubuin ang lupa? Ano ang tingin nila sa magsasaka, habang-buhay nila alipin? Nasa batas [na ipamahagi na nila] iyan! … Hanggang kalian sila hindi magtitiwala na kaya ng magsasaka paunlarin ang buhay? Kung di kaya bakit sila nakaabot sa ganyang kalaking kita?" Habang hindi nagbabago ang polisiyang ito, dagdag niya, hindi magagawa ng pamahalaan ng Pilipinas na matiyak ang pangmatagalang seguridad at pakikipagkalakalan sa pagkain.

Ganito rin ang opinyon ni Mggl. Aison Garcia, kasalukuyang tagapayong legal ng DAR at batikang tagapagtanggol ng interes ng uring magsasaka. Para sa kanya, matagal nang hinihintay ang mabilis at karampatang pagtugon sa hinaing ng mga kasamá. Bagaman malaon nang iginiit ni kasalukuyang pangulong Benigno "Noynoy" Aquino III na hindi siya makikialam sa isyu upang huwag masabing mayroon siyang pansariling interes, ang kasalungat nito, ani Garcia, ang siyang magpapatunay na wala siyang kinikilingan. Aniya, "2004 pa nakabinbin ang kasong ito; kung hindi pa nagkaroon ng oral argument hindi mabubuhay ang kaso. Kahit sabihin niyang wala siyang taya sa Luisita, hindi maiaalis na presidente siya! Obligasyon niyang ipatupad ang batas… at dito makikita kung ano talaga ang pananaw niya sa asset reform at agrarian reform."

DI NA PAPALINLANG

Kaya naman sa pagputok ng isa uling isyu



KUNG ITUTULOY ITO, KAILANGANG BUWAGIN ANG MGA ANCESTRAL LANDS NG MGA AGTA, NA HINDI PA NGA ALAM KUNG KELAN MAIBIGAY SA KANILA YUNG MGA TITULO NILA. PATI YUNG MGA PANGUNAHING SAKAHANG PINATUTUBIGAN, GAGAMITIN.

– REP. ARLENE "KAKA" J. BAG-AO, AKBAYAN

ng ipinapalagay na pagkamkam ng lupaing pagmamay-ari ng mga marhinalisado, hindi nag-aksaya ng anumang oras ang mga kilusang panlipunang susugan ang kanilang interes. Sa paglitaw ng APECO at pagkilala sa mararaming butas nito (legal o ekonomiko), nabibigyang-bigat ang kamalian ng neoliberal na polisiyang ekonomiko sa pagpapaunlad ng bayan.

Naipasa noong taong 2007 ang Batas Republika Blg. 9490 sa Mababang Kapulungan upang itatag ang APECO na diumano'y naglalayong muling magtayo ng mga pandigdigang sentro ng kalakalan sa bansa, katulad ng Subic Bay Freeport Area. Mula sa orihinal na balak na 500 ektarya, ipinapasa ni Senador Edgardo Angara at kanyang anak na si Kinatawan Sonny Angara ng Aurora ang Batas Republika Blg. 10083 na nagpapalawak dito patungong 12, 427 ektarya ng lupa. Na ang mga anak ni Angara din ang nakaupo sa kalupunan ng binabalak na economic zone ay higit na nagpapakita ng pagkatali nito sa kanilang interes.

Kung tutuusin naman daw, ani Bag-Ao, wala namang kaso sa pagtatayo ng ganitong uri ng sentrong pangkalakalan. Ngunit malaking isyu, batay na rin sa mga hinaing ng mga taga-Aurora, na hindi sila kinonsulta sa magiging takbo ng mga polisiya sa pagtatayo nito. Salaysay niya:

"Walang environmental clearance ang proyekto. Kung itutuloy ito, kailangang buwagin ang mga ancestral lands ng mga Agta, na hindi pa nga alam kung kelan maibigay sa kanila yung mga titulo nila. Pati yung mga pangunahing sakahang pinatutubigan, gagamitin. Galit na galit tayong lagi tayong nag-aangkat, pero sisirain natin ang mga lupang sakahan! Magtatayo ng paliparan sa mga katubigan: sira ang buhay ng mangingisda!"

Lubhang ikinayayamot nina Bag-Ao at Garcia na ang nagkakandili sa mga ganitong katiwalian ay ang mismong lokal na opisina ng Kagawaran ng Kapaligiran at Likas-Yaman (DENR). Bahagi ng huli: "Nagku-quarry, kaya yung dating natural na daloy ng tubig lubhang mabilis na. Tinatamaan ang mga pananim. Pinuputol ang kahoy sa mga watershed na nag-papanatili sa tubig. Makikita mo yung sabwatan ng APECO at lokal na opisina ng DENR, para mas lalong mawalan ang magsasaka at lahat ng sektor."

Higit na napagtibay ang pagiging kaduda-duda ng proyekto bunga na rin ng paki-kibahagi ng arkitektong si Felino "Jun" Palafox Jr. sa mga isinagawang protesta ng mga sari-saring sektor ng Aurora sa harap ng Kagawaran ng Katarungan nitong Enero 17, 2011. Sa pakikipanayam sa kanya ng GMANews.tv, hindi raw nagsagawa ng kahit anong pag-aaral ng mga konsi-derasyong pangkapaligiran at sa lohistika ang mga Angara sa implementasyon ng APECO. Dagdag pa niya, itinuloy pa rin daw ang pagsusulong ng proyekto kahit na nagreklamo na ang napakaram-ing mamamayan na sila'y mawawalan ng ikabubuhay.

SUMAMANG LUMABAN

Sa kabila ng pagiging malaon at tila walang-kalutasan ng mga nabanggit na kaso, nananatiling matibay ang pag-asa ng mga magsasaka ng Hacienda Luisita at ng mga mamamayan ng Aurora na sa huli'y magwawagi ang katarungan ng kanilang mga ipinaglalaban. Na matagumpay na naipasa ang Batas Pambansa Blg. 9700 o ang Comprehensive Agrarian Reform Program Extension with Reforms nitong 2009 ay indikasyong tunay na lumalakas ang agam-agam ng mga mamamayan sa kunabukasan ng agrikultura sa bansa.

Malaki ang kumpiyansa ni Bag-Ao sa kabataan bilang mahalagang kabahagi sa pagpapalaganap ukol sa mga isyung ito. Paalala niya: "Isyu din ang Luisita ng mag-aaral, apektado tayo kung bumagsak ang seguridad sa pagkain. May kakayanan ang mga estudyante na magkwento sa iba't ibang paraan! Paano nila nasupor-tahan ang mga magsasaka ng Sumilao at Calatagan, ang CARPER? Sa kwentuhan sa blogs, sa cafeteria, nagkakaroon ng pampublikong opinyon, kung papaano ito pagpapasyahan. Kung nagging tagumpay ang estudyante sa Sumilao, kaya nila ulitin 'yun!"

Ganito rin ang sentimyento ni Garcia tungkol sa kung papaano mahahadlangan ang APECO. Matatandaang nitong na-karaang buwan ng Setyembre at Oktubre 2010, sa pakikipagtulungan sa Tanggapan ng Usaping Panlipunan at Pakikisangkot (OSCI), nagbahagi ang mga magsasaka't katutubo ng Aurora tungkol sa kung pa-paano makakasama ang APECO sa kanila.

Higit pa rito, kanilang ginaganyak ang mga may-simpatiyang opisyal ng pamaha-laan na panghawakan ang kanilang laban, tulad ng pagsuporta ni Senador Sergio "Serge" Osmeña III. Bahagi ni Garcia: "Inaalam niya ang mga paglabag. Laban talaga si Sen. Serge sa mga bagong eco-nomic zones. Ginagamit lang yan para sa smuggling, internet gambling, mga nego-syong lumalabag sa ating batas-paggawa, gaya ng Subic. Lahat na lang ng pwedeng pagkakitaan na ilegal, pwede sa economic zones. Yun ang gusto nina Senador Juan Ponce Enrile, kaya nagtatayo sila ng mga economic zones."

Napakaliit na bagay ng pansariling interes, kung tutuusin, upang magbunga ng samu't saring sigalot at suliraning panlipunan. Ngunit ang pagkandili ng mga sistema at pagpapahalaga ng lipunan ang siya mismong nagpapatibay dito. Malaking hamon sa atin bilang mama-mayan, kung gayon, ang tiyaking hindi lamang mabibigyang-katarungan ang mga marhinalisado sa usapin ng repormang agraryo. Higit dito, kailangang matiyak na makatarungan at makatuwiran ang mga polisiya ng ating pamahalaan tungo sa pa-glago ng ekonomiya't pamumuhay. Hindi lamang tatag ng kalooban at katapangan ng ating mga pinuno ang kailangan, kundi ang mismong pagpapahalaga sa lipunan at kapwa na ating laging ipinagmamalaki bilang mga demokratikong mamamayan. 

MODERNONG PANITIKAN O DILANG LANSANGAN

NINA KEVIN MARQUEZ AT KEVIN ROSS NERA

Hindi ko alam kung anong malupit na intro dito, itong kalaban kong si Gap amoy panis na embutido." -Loonie

Ilan lamang ang mga katagang ito sa maraming malilikhaing hirit at banat na matutunghayan sa napakaraming mga tagisan sa FlipTop Rap Battle League – isang patimpalak kung saan naghaharap ang dalawang emcee o rapper upang magpasiklaban ng mga linyang nakatuon sa pagbasag at kadalasa'y pang-aalipusta sa pagkatao ng katunggali. Sa kasalukuyan, napakalawak na ng impluwensya ng nasabing paligsahan dahil na rin sa matinding kasikatan nito. Sapagkat nagiging madali para sa henerasyon ngayon ang paggamit ng internet, naging epektibong medyum ang Youtube sa pagiging popular nito. Mula sa kasikatan ng FlipTop, sa paglabas nito sa mapang-ilalim na kultura ng hiphop at sa pagpasok naman nito sa kulturang popular ng mga Filipino, maaaring masuri ang kasalukuyang kalagayan nito sa buhay at kaisipan nating mga Filipino.

LABANAN PARA SAAN?

Lingid sa kaalaman ng karamihan, nakabse ang FlipTop Battles sa Grind Time – isang paligsahan ng mga emcee sa Amerika. Ayon kay Mark Anthony Rodriguez o mas kilala bilang "Batas" na isa sa mga tumutulong sa pag-oorganisa ng FlipTop at isa rin sa mga emcee na lumalaban sa nasabing tagisan, ang pagkakaroon ng sariling tunggalian ng mga linya't liriko ng mga rapper dito sa bansa ang isa sa mga nag-udyok sa kanilang nagpasimula ng FlipTop Battles. Dagdag pa ni Rodriguez, ninanais din ng mga nagtataguyod ng FlipTop, sa pamumuno ni Alaric Riam Yuson o mas kilala bilang "Anygma" na magamit ang patimpalak na ito upang maihatid ang musikang likha ng mga rapper na kasali sa FlipTop. Kumbaga, nais nilang magsilbing "marketing tool" ang FlipTop upang makaakit ng mga tagahanga ng musikang kanilang isinusulong.

Kung itinugma lamang ang FlipTop sa Grind Time ng Estados Unidos, hindi maiiwasang maitanong kung may natitira pa nga bang orihinalidad sa ganitong uri ng labanan sa Filipinas. Sagot dito ni Rodriguez, kahit na may pinagkuhanang inspirasyon ang FlipTop na mula sa Kanluran, malaki pa rin ang pagkakaiba ng FlipTop ng Filipinas. Una aniya, tayo lamang ang mayroong dalawang conference ng labanan: ang English conference at ang Filipino conference. Dagdag pa ni Rodriguez, "mas astig tayo dahil mas maraming Youtube views ang FlipTop. Mas natural kasi sa Pilipino yung ganyan eh, yung parang nagbasagan lang kayo."

ANG FILIPINO SA FLIPTOP, ANG FLIPTOP SA FILIPINO

Isa sa mga ipinagyayabang ng FlipTop ang pagiging unang Filipinong rap battle. Bagaman kanluranin ang inspirasyon ng FlipTop, mapapansin pa rin na sa kabuuan, tunay ang pagka-Filipino nito. Noong tanungin si Anygma kung bakit patok ang FlipTop sa mga Filipino sa isang panayam sa Kapuso Mo, Jessica Soho, "Likas sa mga Filipino ang pagtawanan ang sarili nilang miserableng kalagayan, paano pa kung maglalaitan ang dalawang tao katulad ng napapanood sa FlipTop?" Dagdag pa ni Rodriguez, nasa dugo na ng mga Filipino noon pa man ang pag-aasarang ginagawa sa FlipTop, kahit hindi pa nabubuo ang palighasang ito, "Kahit wala pang FlipTop, lahat ng Filipino naman, asaran na nang asaran mula bata pa. Kasama sa kultura natin yun. Ginagawa lang naming mas poetic, mas teknikal. Likas na sa atin iyon, lalo na ang hilig nating pagtawanan ang sinuman."

Bagaman matinding kasikatan na ang tinatamasa ng FlipTop sa kasalukuyan, aminado naman si Rodriguez sa mga negatibong epekto ng pagsikat na ito sa mga Filipino partikular sa mga kabataan. Ayon kay Rodriguez, "Hindi kasi para sa lahat dapat [ang FlipTop]. Para sa mga nakaiintindi lang sana ito. Ang kaso, kumalat at umabot ito sa masa." Maaaring iturong dahilan ang bilis ng pagdaloy ng impormasyon sa panahon ngayon lalo na't internet ang ginagamit nilang pangunahing paraan ng pagtatanghal ng mga labanan ng mga rapper. "Ang dapat kasi, may niche lang na tinatarget ang FlipTop. Pero dahil na rin siguro sa katatawanang dulot nito, pumatok ang FlipTop sa mga Filipino. Sino ba naman ang ayaw makapanood ng dalawang taong pu******* nagbabasagan", pagbibigay-diin ni Rodriguez. Malay naman siya sa mga dulot ng ganitong uri ng tunggalian at ng pagiging sikat nito sa mga Filipino. "Ang nangyayari ngayon, kahit iyong mga bata, dahil namumulat sila sa FlipTop, nagiging mas brutal iyong asaran nila", dagdag niya.

Bagaman mainit na pagtanggap ang naramdaman ng FlipTop sa karamihan ng mga taga-hanga nito, mayroon din namang nagtataas ng kilay sa metodo ng nangyayaring tunggalian sa rap battle na ito. Batay sa isang panayam kay Fr. Melvin Castro, Executive Secretary ng Episcopal Commission of Family Life, CBCP sa Kapuso Mo, Jessica Soho, "Ang nakikita ko ay maganda siya [FlipTop battles], maaari siyang paunlarin. Maaari siyang linisin at maiangat ang antas. Pero kung ayan ay mauuwi at mapapako lamang lalo na sa paggamit lamang ng mga salita na hindi magalang, kung minsa'y mahalay, ay siguro iyon ang mga dapat tanggalin. Ito'y makaiimpluwensiya lalo na sa mas nakababata baka isipin nila acceptable 'yan."

Para kay Batas, at sa ibang mga kasali sa FlipTop, hindi na bago ang ganitong mga puna ukol sa FlipTop dahil na rin isang konserbatibong bansa ang Filipinas kaya inaasahan nila ang mangilan-ilang hindi makatatanggap sa FlipTop o di kaya nama'y maninibago sa kulturang hatid nito. Kung mapapansin, ang pamilya, sekswalidad at mga pisikal na katangian ang paboritong punahin ng mga kasali dito at aminado sila na mayroong negatibong epekto ang kanilang ginagawa. Ngunit depensa naman ni Rodriguez, "Hindi na namin responsibilidad yung mga natututunan [ng mga bata] sa amin. Dapat responsibilidad ng magulang na subaybayan ang mga anak nila sa mga napapanood nila sa interet. Huwag ninyong papanoorin ng Youtube. Papanoorin ninyo ng cartoons lang. Disiplinahin ninyo, hindi iyong sa amin pa manggagaling ang disiplina para sa anak ninyo". Sa kabuuan binanggit niyang, "Hindi maganda ang nagiging epekto ng FlipTop lalo na sa mga bata dahil hindi naman talaga dapat nila pinapanood iyon."

KUNG HINDI NINYO NAIINTINDIHAN AT NAKIKISAKAY LANG KAYO DAHIL SA MGA MAS MABABAW NA RASON, HUWAG NIYO NA LANG SAKYAN.

— MARK ANTONY "BATAS" RODRIGUEZ

RAPPER BILANG MAKABAGONG MAKATA

Liban sa mga puna ukol sa mga mensaheng ipinararating sa FlipTop battles, marami rin ang mga usapan ukol sa anyo ng mga banat na siyang binibitawan dito. Kapansin-pansin na nagtataglay ng tugma at tiyempo ang karamihan sa mga linyang binibitawan. Malimit din na nagtataglay ng kakaibang talino ang pinakamahusay na mga banat na siyang ginagamit sa mga battle. Dahil sa mga katangiang ito, hindi maiiwasan na maturingan ang rap bilang isang makabagong uri ng pabigkas na panitikan at ang mga rapper bilang makabagong uri ng makata. Para kay Jovy Peregrino, Direktor ng Sentro ng Wikang Filipino, "Ito [FlipTop] ang pwede kong sabihin na parang modern version ng mga makata. Siyempre, tataas ang kilay ng mga tunay na makata pero ganyan ang wika. May tinatawag tayong mataas na wika para sa balagtasan, mayroon din tayong tinatawag na pwedeng sabihin na wika ng masa, wika ng kabataan."


Kung maituturing man na makabagong panitikan ang rap, lalo na ang ginagamit sa FlipTop battles, ang pagkakaroon ng bahaging nakasulat at bahaging freestyle na marahil ang siyang nagtatangi dito. Bagaman karamihan sa mga emcee ang nagsasabi na ang kanilang mga linya ay freestyle, tiyak na nakasulat ang halos kalahati sa kanilang mga sinasabi lalo na sa mga unang bahagi ng isang battle. Ngunit habang tumatagal, mapapansin na sa napakaraming pagkakataon kung saan tila nauubusan na ng sasabihin ang mga emcees, bigla na lamang silang magbibitaw ng mga linyang malulupit na siyang magpapahanga sa mga manunuod. Ang katangiang ito ng mga rappers ang isa sa mga napuna ni Bienvenido Lumbera, Propesor Emeritus ng Unibersidad ng Pilipinas at Pambansang Alagad ng Sining sa Panitikan. Aniya, "The mere fact that what they're saying is not written is something that I admire in rappers. Ito 'yung tinatawag sa Ingles na "wit", [ang] kakayahan ng isang tao na sa biglaang paraan ay nakaiisip ng sasabihin. Isang bagay 'yan na bago sa panitikan."

Bagaman hindi matutuldukan ang mga usapin ukol sa pagiging makabagong panitikan ng rap, isang bagay lamang ang nakatitiyak. Makaluma man o makabago, nasasalamin ng FlipTop ang kultura nating mga Filipino.

FLIPTOP SA HINAHARAP

Kung pag-uusapan naman ang tagumpay ng FlipTop at kung naisakatuparan nga ba nito ang pangunahing layuning maihatid sa mas malawak na tagapakinig ang musikang likha ng mga rapper na kasama dito, mariing sinabi ni Rodriguez na hindi pa ito nagtatagumpay sa ngayon. "Mas marami pa rin yung mas alam pa yung mga linya ko sa FlipTop kaysa sa liriko ng mga kanta ko", dagdag pa niya. Sa kabilang banda, maganda ang hinaharap na nakikita ni Rodriguez para sa FlipTop. Naniniwala siyang magpapatuloy pa ito sa hinaharap. Dagdag pa niya, mas nagiging internasyunal pa ito ngayon dahil may mga rapper mula sa Amerika na dumadayo dito sa Filipinas upang makilahok sa FlipTop. Ani Rodriguez, "Sa tingin ko, malaos man sa masa ang FlipTop at bumalik sa normal, sa mga totoong mahilig sa ganitong klaseng kultura, tuloy-tuloy pa rin ito. Hindi ito titigil dahil hindi naman namin ito itinutuloy para lang bumenta o kumita". Para naman sa mga taong nanonood ng FlipTop, nais iparating ni Rodriguez na ang musikang hiphop talaga ang tunay na ipinaglalaban nila kasama na rin ang kulturang kakabit nito. "Kung hindi ninyo naiintindihan at nakikisakay lang kayo dahil sa mga mas mababaw na rason, huwag niyo na lang sakyan", mariin na bilin ni Rodriguez.





PAG-ASA SA TIYANSA

PANANAMANTALA NG KUMPANYA?

Sa konteksto ng mga palabas na namimigay ng premyo, sino ang tumutulong at tinutulungan?

nina Pao Hernandez, Luigi Moreno at Kris Olanday
lapat ni Jake Dolosa

"Alam niyo po Kuya Willie, 20 taon na kaming nangungupahan sa Maynila. Sa bahay po namin, hindi kayo pwedeng magkasalubungan sa sala dahil napakaliit lang po, Kuya Willie. Kahit po huwag na 'yong kotse't isang milyon, 'yong bahay lang po ng Camella, 'yon lang po. (Iyon lang) ang pinapangapangarap ko sa buong buhay ko..."- ito ang sinabi ni Apet Dece, ang ikalawang milyonaryo ng Willing Willie, nang tinanong siya kung bakit inaayawan niya ang perang alok ng host.

Isa lamang si Dece sa mga maghapong pumipila sa labas ng malalaking istasyon ng telebisyon, nag-aasam na makapasok sa isang game show na inaasahan nilang magpapabago sa kanilang buhay. "Biglang-ahon," sabi nga nila. Sasali ka lang sa isang patimpalak, kapag nakuha ka, mayroon nang agarang papremyo. May namimigay ng pera, pagkain, gift certificates, gamit sa bahay, sasakyan, at kung malakihan talaga, bahay at lupa. Sinong aayaw sa ganitong kalaking pagkakataon?

Kaya naman hindi maubusan ng pila sa harap ng TV networks. Sa mga establisimentong ito nakikita ng ilang mamamayan ang pag-asa. Gaya na lamang ni Dece na pahagulgol na nagsabing, "Maraming salamat po, malaki ang utang na loob ko sa programang ito. Hindi po 'ko nagkamali. Ang programang ito po (ang) nagbibigay pag-asa sa mga Filipino. Salamat po Kuya Willie, salamat po sa Willing-Willie".

Ngunit, gaano nga ba kalaki ang tiyansa ng mga nagsisipilang ito? Natutulungan nga ba sila ng mga ganitong programa? Higit sa lahat, mapagpalaya at makatarungan ba ang mga ganitong uri ng palabas?

PORMAT NG PALABAS

Tipikal ang ganitong eksena sa maghapon: may mga nangangailangan na sasali, bubuksan ang kanyang kwento, maglalaro siya at darating sa punto na iiyak siya dahil sa kaba, saya o lungkot. Tila sinusundan na ng mga palabas ang pormula ng pinaghalu-halong iyakan, tawanan, at papremyo upang maging patok na game show.

Kabilang sa mga palabas na ito ang Willing Willie na nauna nang binanggit, at ang Eat Bulaga. Kilala ang dalawa na pinipilahan ng mga Filipinong nagnanais na makaluwag sa buhay. Sa mga palabas din kasing ito namimigay ng malalaking papremyo nang walang gaanong kahingian mula sa sasali. Tiisan lang sa pila at kung papalarin, may oportunidad na silang manalo.

PRESYO NG PAGTULONG

Isa si Kuya Reynaldo* sa naging kalahok sa "Juan for all, All for Juan," isang bahagi ng pananghaliang palabas na Eat Bulaga. Umiiyak siya habang kinukwento ang kanyang buhay. Namamasada raw siya ng dyip. Hindi sapat lahat ng kanyang kita para sa pang-araw-araw na gastusin. Tinanong siya kung kumain na siya, patuloy na umiyak at sinabi pa na kaarawan katatapos lamang ng kanyang kaarawan. Binigyan siya ng mga produktong Coca-Cola , P15,000, at isang taong supply ng sardinas bilang pamasko. Inabutan siya ng panibagong P5,000 upang mabayaran ang upa umano nila sa bahay.

Kadalasang nakadepende sa intensidad ng damdaming kayang ilabas ng manlalaro ang pagtutok ng mga sumusubaybay. Kaya kung mas madrama at kaantig-antig ang kwento sa buhay ng manlalaro, mas malaki ang perang ibinibigay. Kung katawa-tawa naman ang kalahok, gustong gusto rin ito ng programa sapagka't nakukuha rin nito ang kiliti ng mga manonood. Kung minsan naman ay ang "hosts" na mismo ang pumupuna sa mga katawa-tawang bagay sa mga kalahok.

Dahil dito, nagmimistulang "kahihiyan kapalit ng pera" ang bagong mukha ng ganitong mga palabas. Sa gitna ng pagpapaawa o pagpapatawa, tila lalo lamang silang nagmumukhang marhinalisado ng lipunan.

Ayon kay Rosar Crisostomo, guro mula sa kagawaran ng Teolohiya ng Ateneo, "Ang tanong diyan, natatapakan ba ang dangal ng mga taong nagmumukhang pulubi at umiiyak sa tv para matulungan? Ayon nga kay St. Ambrose, ang pagtulong ng mga mayayaman ay hindi isang paghahandog ng regalo sa mahirap kundi pagbibigay lamang ng kung anong nararapat ay sa kanila." Kung ang sinseridad umano ng pagtulong ay nariyan, hindi na kinakailangan pang ipangalandakan sa buong mudo na nakagawa ang isang tao ng kabutihan sa kanyang kapwa.

PAGTULONG NGA BA?

Ayon kay Leslie Lopez, guro ng sosyolohiya sa Pamantasan ng Ateneo, problematikong tawaging pagtulong ang ginagawa ng mga programang ito. "Talaga bang idinisenyo para sa adbokasya ng pagtulong ang mga programa o para rin lamang ito sa kanilang pansariling interes, para sa pamamahayag at upang makakuha ng mataas na bahagi ng mga nanonood?" usisa niya. Sang-ayon din dito sina Nota Magno at Andy So, pawang guro ng Sosyolohiya. Anila, praktikal para sa mga programang ito ang pagtulong dahil maaaring may nakukuha rin sila kapalit ng pagtulong na iyon. Nariyan ang ratings na basehan ng mga nakukuhang pondo ng programa galing sa mga patalastas, at pinapaganda pa nito ang imahen ng istasyon.

Dagdag ni Lopez, "Hindi naman namin sinasabi na wala silang nagagawang tulong, kaya lang baka tumutulong sila pero baka mas maraming benepisyo ang hatid nito sa kanila." Napag-iisip umano siya ng mga motibo ng ganitong uri ng palabas na gawing kapital ang magandang anyo ng kawanggawa upang magkaroon ng higit pang tubo. Tinukoy rin niya ang insentibo sa buwis bilang isa sa mga kaaya-ayang pribilehiyong natatanggap ng mga kompanyang nakatuon sa kabutihang panlipunan (social welfare).

Ayon naman kay Magno, may tatlong uri ng pagganti sa kabutihan. Nariyan ang altruism na walang hinihinging kapalit ang taong nagmagandang-loob; balanced kung saan parehong may natatanggap ang nagbibigay at binibigyan; at negatibo kung saan hindi sinusuklian ang pagbibigay.

Sa konteksto ng mga palabas na nagbibigay ng pinansyal at pangkabuhayang tulong, nagiging altruistiko ang dating ng uri ng pagtulong para sa mga manonood sapagkat ipinapakita ng pamimigay ng limpak-limpak na halaga ang buong-pusong pagtulong ng mga malalaking kompanya sa mga hindi gaanong pinalad.

Ani Crisostomo, "Maaring isang sagot (ang ganitong mga programa) sa kahirapan ng lipunan o paraan lamang ng pagpapataas ng ratings. Maaaring sinasabayan ng kanilang pagtulong ang pagkakaroon ng benepisyo nito sa kanilang kompanya."

SA HULI

Anuman ang tunay na dahilan ng pagtulong, sa huli'y sinasalamin pa rin ng ganitong gawi ang bunga ng talamak na kahirapan sa bansa-- kawalang-pag-asa. Kakatwang makita na napakaraming Filipino ang umaasa sa tiyansa na magkaroon ng pera mula sa game shows. Sa parte naman ng malalaking kumpanyang namumuhunan at kumikita mula rito, waring higit na nasasamantala ang kagipitan ng mga tao. At dahil tila nasanay na lamang tayong manood ng at subaybayan ang ganitong sistema, nakakalimutan na yata natin ang pagiging hindi nito makatarungan.

HINDI NAMAN NAMIN SINASABI NA WALA SILANG NAGAGAWANG TULONG, KAYA LANG BAKA TUMUTULONG SILA PERO BAKA MAS MARAMING BENEPISYO ANG HATID NITO SA KANILA.

– PROF. LESLIE LOPEZ

ni Kelvin Du
sining ni Ramil Ramirez
lapat ni Janine Motos

Dugong Bughaw

Kasarinlan

Tunay nga bang nakamit natin ang kalayaang ipinaglalaban nila Rizal, Bonifacio at Sakay?

Ang kwento ng pananakop ay hindi na bago para sa ating mga Filipino. Para sa karamihan sa atin, lagi nating naaalala ang pagsakop ng Espanya sa atin ng halos tatlong daang taon. Dahil nakabatay ang ating araw ng kalayaan sa araw na tayo ay napakawalan sa kamay ng Esapanya, hindi natin ganoong natutugunan ng pansin ang pananakop ng Amerika. Bagaman totoo na may mga magandang naidulot ang pagsakop sa atin, hindi nito mapapalimot sa atin ang karahasan ng pagbihag at pagdakip ng ating mga kababayan noong pagbaling ng bagong siglo. Sa panahong ito ay nangamatay ang marami sa ating mga matatatag na bayani tulad ni Rizal at Bonifacio habang unti-unting napupunta sa Amerika ang kapangyarihan ng paghawak ng ating bansa.

Magandang pagtuunan ng pansin ang panahong ito dahil sa pagbuo at pagkawasak ng mga institusyong itinatag nila Aguinaldo. Sa panahong ito makikita natin ang pagkabigo ng mga Kastila laban sa mga Amerikano at ang patuloy na paglalaban para sa kalayaan ng mga Filipino.

TULOY ANG LABAN!

Maaari nating tingnan ang isang halimbawa ng karahasang naidulot ng mga pananakop. Sa isang makasaysayang pelikula ni Raymond Red noong 1993 ay ipinakita niya ang mga nangyari sa panahon ng pananakop ng mga Amerikano at kung ano ang naging epekto nito sa mga Filipino. Ang pelikulang Sakay ay tungkol kay Macario Sakay na isang heneral sa ilalim ni Bonifacio sa labanan sa mga Kastila ngunit napilitang mapasailalim sa Amerika dahil sa pagsuko ni Aguinaldo sa Amerika. Si Sakay ay hindi natahimik sa pangyayaring ito at pilit pa ring lumaban para sa kalayaan dahil para sa kanya, hindi pa tunay na malaya ang bansa at hindi pa nakakamit ang inaasam-asam na independencia.

Maganda at marangal ang pagpapakilala kay Sakay bilang isang lider ng bagong republika, ang Tagalog Republic Ipinakita ang kagalingan ni Sakay sa patuloy na paglaban sa mga Amerikano at ipinakita rin na malaki ang respeto sa kanya ng ibang mga heneral. Kasama na rin sa kwento ang pagbabahagi sa manunood ng katayuan ng mga Pilipino na sibilyan, na hindi o ayaw maging bahagi sa labanang ito. Sa isang banda, pinupuri ng mga tao ang katapatan ni Sakay sa kanyang ipinaglalaban. Ngunit sa kabilang banda naman, makikita natin ang mga di kanais-nais na epekto ng pagiging "rebelde" ni Sakay. Dahil sa paghahayag niya na "sinuman ang napatunayan na… kumakalinga… sa pamahalaan ng Amerika ay hinatulan bilang traydor sa inang bayan," mas napapagulo ang situwasyon at pakikitungo ng Pilipino sa kapwa Pilipino.

Hindi man maayos ang pamumuno ni Sakay dahil sa negatibong epektong naidulot ng pagtatag niya ng republika, hindi maipagkaila na dahil sa paglalaban niya ay maraming mga Pilipino ang nagpatuloy ng paglalaban. Ngunit isang tanong pa rin ang nananatili: Sino ba ang tama? Ang mga Amerikano na tinulungan tayong malayo sa mga Kastila sa pamamagitan ng pagsakop sa atin muli at pagdakip ng mga "tulisan" o ang mga tulad ni Sakay na ang gusto ay ang matamo ang kalayaan bilang isang bansa ng mga Pilipino sa pamamagitan ng sapilitang pagbuo ng isang republika?

ANG KUWENTO NGAYON UKOL SA NAKARAAN

Marahil narinig niyo na ang pelikulang Avatar ni James Cameron na nakatanggap ng maraming puri sa mga kritiko. Kung titingnan natin ng maigi ang kwento ng Avatar, ito ay simpleng kwento lamang ng pananakop at politika. Kaya ko ito naibanggit ay dahil sa pagkahawig ng kwento ng Avatar sa kwento ng bansa natin.

Ipinakita sa pelikula na si Jake Sully, isang dating sundalo, ay nabigyan ng oportunidad na pumunta sa planetang Pandora kung saan ang kumpanyang kanyang pinagsisilbihan ay may hinahanap na batong napakalahalaga. Ang ikinakaharap nilang problema ay ang pagkuha ng batong ito na nakabaon sa lupa kung saan ang natibong tribo na tinatawag na Na'vi ay nakatira. Ang RDA, ang kumpanyang nasa Pandora, ay naghahanap ng diplomatikong solusyon sa pagpapalipat sa tribong ito at binibigyan sila ng mga "pangangailangan" nila tulad ng edukasyon. Sa kalaunan, natanggap ng kumpanya na walang gusto ang mga natibo na galing sa kanila; na hindi sila aalis dahil may malalim na koneksyon sila sa kanilang mundo. Hindi ito naiintindihan ng tagapangasiwa ng RDA at pati na rin ng kasamahan niyang militar. Dahil ayaw tumanggap ng kahit ano ang mga Na'vi, sinabi ng RDA na kailangan nilang gumamit ng pwersa.

Hindi nalalayo ang kwento ng Pandora sa Filipinas. Sa perspektibo ng mga Na'vi, hindi nila kailangan ang mga mananakop na turuan pa sila sa kanilang pamumuhay. Ngunit pinipilit ng RDA na sila ang tama, na makatao pa rin ang kanilang ginagawa dahil ang hangarin lang naman nila ay ang mapabuti ang buhay ng mga natibo. Alam nating hindi ito totoo dahil ang una at nag-iisang hangarin lamang nila ay ang makakuha ng napakamahal na bato upang kumita. Kung wala ang bato, wala rin ang "pagtulong" para sa mga natibo.

Sa unang pagtingin sa sitwasyon ng Filipinas noon ay masasabi mong maganda ang loob ng Amerika sa pagtulong sa Filipinas upang makalaya

ANG HAMON SA ATIN NGAYON AY ANG TINGNAN ANG ATING BANSA TULAD NG PAGTINGIN NG MGA NA'VI SA KANILANG MUNDO. TAYO RIN AY TINATAWAGANG PAKIRAMDAMAN ANG ATING INANG BAYAN.



sa sakop ng Espanya. Ngunit kapag titingnan mo ito sa perspektibo ng Amerika ay makikita mong may mga nakatagong hangarin ang Amerika. Noong panahong iyon ay nangangailangan ang Amerika ng lugar kung saan makakapagtatag sila ng kampo para sa mas mabilis at mas madali na pakikipag-usap sa bansang Tsina at Hapon. Maliban dito, kailangan din nila ng makukuhanan ng mga kasangkapang pangmilitar at ng paraan sa pagpapalago ng kanilang ekonomiya. Hinahangad ng Amerika ang matinong pakikipag-usap ngunit noong may mga kilusan laban sa kanila ay lumaban at nakidigma na rin sila. Ang pagpatay pala sa mga mamamayan ng bansang gusto mong tulungan ay isang paraan na ng pagtulong.

ANG KUWENTO NG NAKARAAN NGAYON

Sa kasalukuyan ay hindi pa rin nalalayo ang pamamaraan ng pagtulong ng Amerika. Ito ay makikita natin sa kanilang pakikitungo sa bansang Afghanistan at Pakistan kung saan tumutulong sila upang mapaunlad ang sitwasyon ng mga tao doon laban sa mga tulisan. Dahil sa pagkakaroon ng WikiLeaks na gawa ni Julian Assange ay naibunyag sa mundo ang mga nakatagong dokyumento ng mga pangyayari sa mga lugar na nabanggit. Makikita natin sa mga nakuhang dokyumento ang pagpatay sa maraming sibilyan sa Afghanistan dahil sa takot ng mga sundalo na sila ay mga terorista. Makikita natin na dahil sa gustong pagtulong ng Amerika sa mga taong nadadamay sa digmaan ay sila mismo nakakahamak na rin ng mga inosente.

Ayon sa iilang mga iskolar sa Amerika ay hindi na nakakagulat ang mga dokyumentong ito dahil alam naman ng lahat na may mga ganitong sitwasyong nagaganap sa mga bansang iyon. Nakikita na ito sa mga balita, sa internet at kahit sa mga pelikula. Ang pinagkaiba lamang ay may ganap na ebidensya na para sa mga pangyayari na dati ay hindi ka makakasiguro kung totoo ba. Higit sa isang daang taon na ang nakalipas nang sumalakay ang Amerika sa bansa natin ngunit hanggang ngayon ay kitang-kita pa rin ang pananakop na nangyayari sa ibang bansa sa paraan na katulad pa rin ng dati: sa paraan ng pilit na pagtulong para sa sinasakop dahil ito ang nakabubuti sa kanila.

TULOY ANG LABAN?

Sinasabing ang kwento ng Avatar ay ginaya lamang sa kwento ni Pocahontas at ng bagong mundo. Ito ang kwento ng pagdating ng mananakop sa kuntentong lipunan, ang kwento ng pagtulong sa kanila upang takpan ang hangarin na sa katunayan ay para lamang sa kaunlaran ng mananakop. Marahil ang Avatar ay mabilis na naikumpara dito dahil ang lahat ng kwento ng pagsakop ay magkapareho- sa pelikula man o sa katotohan ng kasaysayan.

Siguro ang isang kaibahan nating mga Filipino sa mga Na'vi ay ang kalaunang pagbibigay daan natin sa kagustuhan ng mananakop. Napaalis ng mga Na'vi ang kanilang mananakop sa kanilang mundo ngunit tayong mga Filipino ay nakadepende pa rin sa Amerika. Nakikita natin ito sa sistema ng ating gobyerno, sa mga negosyong umiiral sa ating bansa, sa lenggwaheng ating ginagamit at sa konsepto natin ng kagandahan at kapangyarihan.

Ang hamon sa atin ngayon ay ang tingnan ang ating bansa tulad ng pagtingin ng mga Na'vi sa kanilang mundo. Kilala nila ang lupang kanilang tinitirahan, alam nila kung ano ang pangangailangan ng kanilang bayan; nararamdaman nila ang mga hinanakit nito. Tayo rin ay tinatawagang pakiramdaman ang ating inang bayan. Tunay nga bang nakamit natin ang kalayaang ipinaglalaban nila Rizal, Bonifacio at Sakay? Kung ang sagot mo sa tanong na ito ay hindi, ibig sabihin ay may hamon pa rin sa ating ipagpatuloy ang labang ito. Kung ang sagot mo naman ay oo, nagkakamali ka.

Si Kelvin Du ay nasa ikaapat na taon ng kursong MIS. Mahilig siyang manuod sa mga pelikula.

Maliit ngunit siksik

BAKIT TUMUTUGAY ANG MGA MALILIIT NA TINDAHANG SARI-SARI SA UP?

nina Charmagne Capuno at Regine Rostata
kuha nina Joanne Galang at Jake Dolosa
lapat ni Jake Dolosa at Geneva Guyano

Napapalamutian ang mga tindahang ito ng sari-saring bilihing karaniwang kailangan ng mga propesor, mag-aaral, at mga bisita sa nasabing unibersidad. Depende sa laki ng tindahan at lokasyon nito sa kampus, karaniwang kumikita ang bawat tindahan ng Php 2,000 pataas kada araw. Maliliit na tindahang sari-sari—ito ang patok sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman.

DATING PROBLEMA

Sa kabila ng tulong na naibibigay ng Samahan ng mga Manininda sa komunidad ng UP, marami pa rin silang problemang kinakaharap. Unang-una na rito ang muntikang pagpapatalsik ng administrasyon ng UP sa kanila sa kagustuhan nitong itaguyod ang pagkakaroon ng malawakang komersalisasyon. Gusto diumano ng administrasyon na magpatayo ng isang malaking gusali kung saan nakapuwesto ang mga naglalakihan at sikat na mga fast food chain gaya ng Jollibee, McDonald's, KFC, at iba pa.

Ayon kay Narry Hernandez, kasalukuyang sekretarya ng SMUPC na dati ring pangulo ng samahan, may memorandum na ibinaba noong 2005 ang administrasyon ng UP na nagsasaad ng pagtanggal sa cart vendors o iyong mga karaniwang tindahang nakikita sa academic oval. Nais ng administrasyon na magpatayo ng mga nabanggit na mga commercial food stalls sapagkat mas malaki raw ang magiging kita ng unibersidad kapag nangyari iyon.

Nang matanggap ang nasabing memorandum, agad na humingi ang samahan ng tulong sa iba't ibang sektor sa UP. Isa sa mga may pinakamalakas na sumuporta sa kanila ay ang 12,000 na mag-aaral ng UP na siyang pangunahing bumibili sa kanila. Dagdag pa ni Hernandez, "Pumunta rin kami sa Congress at humingi na suportahan kami ng mga party-lists, congressmen, pati na ng mga senador. Napapagtagumpayan namin 'yong laban." Noong unang linggo ng Nobyembre, taong 2005, may bago na namang memorandum na ibinaba na nagsasaad na sa mga bagong kiosk na ilalagay ang mga commercial food stalls at mananatitili na sa kani-kanilang puwesto ang mga miyembro ng SMUPC.

Bukod sa mga banta ng pagpapatalsik, nakaranas rin daw ang mga manininda ng pang-aabusong pisikal. Ilang taon na ang nakalipas, nagkaroon daw ng matinding away sa pagitan ng mga pulis at ng mga manininda. Ayon kay Hernandez, "Nagkaroon ng mabilisang mobilisasyon ang UP police sa pagpapakumpiska ng mga paninda mula sa amin dahil dati sinasabi nila na bawal kaming magtinda ng buko juice pero hindi naman nila natukoy kung ano iyong aalisin o kukumpiskahin sa mga manininda." Dahil dito, nakumpiska pati ang mga buko juice na may BFAD permit na siyang itinitinda ng samahan. Napag-alaman din sa huli na tanging mga buko juice lamang na hindi selyado ang bawal ibenta. Dahil sa maliit na hindi pagkakaintindihan, isang malaking gulo ang naganap. Dagdag pa ni Hernandez, "Nakipagbunuan 'yong ilan naming mga kasama kasi ba't namin ibibigay, may permit naman 'to, legal naman. Hindi ilegal."

ESTADO NG MGA TINDAHAN NGAYON

Masasabing maayos na ang relasyon ng administrasyon at ng samahan sa pagkakataong ito. Sinabi pa ni Hernandez na kaya namang panatiliin ang isang matiwasay na ugnayan sa pagitan nila at ng administrasyon sapagkat naaapektuhan ang

mga estudyante ng anumang kaguluhan sa unibersidad. Bilang pinakamalaking bahagi ng komunidad ng UP, nadadamay parati ang mga mag-aaral sa anumang di-pagkakaunawaan ng kahit anumang sektor na may kinalaman sa unibersidad. Kaya naman noong pinapatalsik sila ng administrasyon, humingi sila agad ng tulong sa mga estudyante. Kapag mga estudyante rin daw ang mapapahamak, nakahanda naman silang tumulong.

Pinatunayan ng samahan na nakahanda silang suportahan ang mga estudyante sa usapin ng budget cut sapagkat alam nilang malaki ang magiging epekto nito sa mga estudyante. Ani Hernandez, "Kaisa kami ng mga iskolar ng bayan sa pakikipaglaban. Naniniwala naman kami na dapat bigyan ng prayoridad ng ating gobyerno ang pabibigay ng subsidy sa usapin ng edukasyon." Nakiisa pa nga raw si Hernandez sa rally na naganap hinggil dito kamakailan lamang.

SMUPC BILANG ERYA NG JEEP

Isa rin ang SMUPC sa mga katuwang na institusyon ng Office for Social Concern and Involvement (OSCI) sa Junior Engagement Program (JEeP). Ayon kay Miguel Lorenzo Panopio, Student Affairs Professional o Formator ng OSCI, natutulungan ng ganitong pagbabad ang mga Atenista sa paraang "nararanasan nilang maging [manininda] at nakikita nila na hindi pala kumikita nang marami ang [manininda]. Hindi lang naman pinansiyal ang problema ng manininda kundi parang sa pagkatao na rin, 'yong mga nadadaanan nilang personal na problema." Dagdag pa niya, "Nailalabas sila [ang mga Atenista] sa mga comfort zone nila. Nagkakaroon sila ng bagong pagtingin sa ibang lugar."

Walong taon nang katuwang ng OSCI ang samahan, simula pa noong Alternative Labor Trials Program pa ang Junior Engagement Program o JEeP. Ayon kay Panopio, "Noong una, parang hindi sila [SMUPC] masyadong komportable. Naalala ko yung kuwento sa akin ni Kuya Narry, noong una, eh, sa mga unang taon nila, hindi sila gaanong komportable na magpasok ng hindi marunong, ng hindi sanay sa negosyo. Pero pagkatapos, unti-unti ay naging kasanayan nila at nagugustuhan na rin ang nangyayari kaya tumagal nang ganito ang tambalan ng OSCI at SMUPC. "

SA KABILA NG TULONG NA NAIBIBIGAY NG SAMAHAN NG MGA MANININDA SA KOMUNIDAD NG UP, MARAMI PA RIN SILANG PROBLEMANG KINAKAHARAP.

SUBOK NA

Sa gitna ng mga kasalukuyang suliranin ng mga manininda sa UP, waring natatabunan ang mga ito ng kanilang kumpiyansa sa "subok na" nilang samahan at sa mga grupong handa silang damayan sa kanilang mga laban. Sa loob ng maraming taong sinubok silang tanggalan ng karapatang magbigay-serbisyo sa unibersidad, lalo lamang pinatibay ng mga hamong iyon ang kanilang grupo hanggang ngayon at sa hinaharap. Nakukuha pa nilang makisama sa mga isyung sangkot ang mga mag-aaral na sineserbisyuhan, at kahit sa mga mag-aaral ng ibang unibersidad gaya ng Ateneo. Isang inspirasyon at magandang halimbawa ang SMUPC sa mga maliliit na negosyong nakakiling sa patas at legal na pamamaraan—iyong nakapokus sa pagbibigay ng murang bilihin at serbisyo lalo sa mga mag-aaral na ang baon ay hindi rin naman kalakihan.





Pagpupunit

Elroy Rendor

Katulad lamang naman tayo
ng mga pinupunit nating papel

mula sa isang aklat
na luma't muling kinalap
sa lumpok ng aklatang mura.

Sa bawat hikbi,
isang pilas.
Sa bawat pagtitimpi,
isang pilas,
Sa bawat hinaing,
isang pilas.

Nakini-kinita ko nang darating din
tayo rito. Kaya sa bawat gabi,
aking ginanaganap
ang dasal ng pagpupunit
ng isang pahina
sa librong iyong pinakananais -
Mga pahinang
sa ating kama ay
itinatago ko nang palihim

bago tayo matulog
hanggang iyon mismo
ang aking babalikan

na tila hukay natin
ng masasayang alaala

na lumilipad na rin sa bintana
katulad ng mga pahinang
hinahangin sa bingit
ng paggising natin
sa umaga.



Nanay, tatay,

Pahinging tinapay.

Ate, kuya,

Pahinging—

Gutom

titik ni Patrick Austin Manalo
sining ni Michelle Garcia
lapat ni Dylan Valerio

Sa Kaniyang Kambas

Elroy Rendor

Una kong nakita si Manansala
sa sinabit niyang mga kambas sa sala
- mga pangarap na naiwang pangarap
dahil tinapos niya ang kuwadro nang maaga
nang may makain ang pamilya.

Kaya tila mga itinirik na puting kandila
ng kuwaresma
ang mga bote
(na dinisenyo niya)
sa istante ng mga pamilihan.
Doon napunta ang lahat ng kubismo
at realismo niya.
Doon ko unang nakita si Zalameda.

Ngunit, tinapos man niya ang kuwadro nang maaga
ang pagnanasa niya'y patuloy sa pagbadya
kaya pininturahan na lamang niya
ang bawat dingding ng aming bahay,
ang bawat sulok ng aming buhay

ng mga kulay na payak at malumanay,
na bumubuo ng tila mga stalactite
sa bawat kumpas ng alaga niyang brash
na hinahalo ang mga kulay
na mapagtimpi ngunit magaspang.
Doon ko unang nakita ang istilo niya.
Doon ko unang nakita ang aking ama.

'Tenista Nga



Wolowitz
Hologram



Babes mahilig ka ba sa balls?
Hindi kasi wala naman nun :D
Ikaw lang gusto ko <3



ano yun? busy pa ako!!! hmmmpff, hmmppfff, hmmpff, hmppff, hmmmpff hmmmmmmmmpffff!!!!!!!!!
Siiir malapit pu tayu sa hasyinda..




Textbook Love



Random Chinese Restaurant....
Random Chinese Food.....
Random Chinese Conversations???
Last emperor in the mood for love....
Crouching tiger hidden DRAGON!!!



Pero syempre lagi din merong....
Sorry mga tol bawi na lang sa susunod kekekek
HAPPY VALENTINES!!!


Philipp
INTERNA
(02) 836-6333